# 8

# Panitikang Pilipino

## Filipino

## Kagamitan ng Mag-aaral

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publikong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.**

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

**Panitikang Pilipino – Ikawalong Baitang**
**Filipino – Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9990-85-7**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

**Konsultant:** Magdalena O. Jocson

**Mga Manunulat:** Willita A. Enrijo, Asunsion B. Bola, Arlene B. Maniquis, Roselyn T. Salum, Jocelyn DR. Canlas, Mary Jane R. Dasig, Sharon A. Villaverde, Jayson A. Cruz, Roel Cyrus S. Magpantay, Jet O. Gellecano, Maricar L. Francia

**Mga Taga-rebyu**: Ericson L. Nepomuceno, Marites V. Mallan, Lucelma O. Carpio, Noemi H. Garlejo, Roderic P. Urgelles, Esmeraldo G. Lalo

**Illustrator**: Joey R. Cabigao

**Layout Artist:** Joshua A. Villaret

**Management Team:** Lolita M. Andrada, Joyce DR. Andaya, Bella O. Marinas, Jose D. Tuguinayo, Jr., Cristina S. Chioco, Evangeline C. Calinisan

**Inilimbag sa Pilipinas ng ____________**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 2nd Floor Dorm G, Philsports Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 o 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

# PAUNANG SALITA

"Kasabay ng pag-unlad ng bayan ang pag-unlad ng kaniyang mamamayan, sa lahat ng aspeto ng buhay."

Tugon sa pag-unlad at pagbabago sa bawat sulok ng mundo ang pagyakap at pakikipagsabayan sa agos na ito ng Panitikang Pilipino. Ang pagpapalit-anyo nito at pagbibihis mula sa makalumang panitikan hanggang sa kasalukuyan upang manapay maipabatid sa karamihan, lalo't higit sa mga kabataan ang kayamanang angkin ng Panitikang natatangi, ang Panitikang Pilipino.

Alinsunod sa pagbabago ng kurikulum, ang pagbuo sa mga kagamitang panturo at pampagkatuto upang makaagapay sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino.

Pinaglaanan ng mahuhusay at makabagong pamamaraan upang higit na maiangkop sa uri ng mga mag-aaral ang mga gawain sa yunit na ito. Sapagkat naniniwala ang Kagawaran ng Edukasyon na ang mahusay at kalidad na edukasyon ay makakamtan ng bawat isang Filipinong mag-aaral mula ngayon at sa mga susunod pang henerasyon.

# PASASALAMAT

Taos-pusong nagpapasalamat ang mga may-akda sa mga manunulat ng mga akdang ginamit sa yunit na ito. Hindi matatawaran ang naging ambag ng kanilang mga akdang pampanitikan upang linangin ang pagpapahalaga sa kulturang Filipino. Hindi rin mapasusubalian ang kabisaan na maidudulot ng mga akda upang higit na mapagtibay ang pagkakailalan ng mag-aaral sa kaniyang identidad bilang mamamayang Filipino. Nais naming magpasalamat sa sumusunod na manunulat.

| | |
|---|---|
| Abdon M. Balde Jr. | Hahamakin ang Lahat |
| Andres Bonifacio | Pag-ibig sa Tinubuang Lupa |
| Brillantes Mendoza | “Manoro” ( Ang Guro ) |
| Carlo J. Caparas | Mga Klase ng Komiks |
| Dionisio Salazar | Sinag sa Karimlan |
| Eros Atalia | Skyfakes |
| Genoveva Edroza Matute | Ang Paglalayag sa Puso ng Isang Bata |
| Gregorio G. Cruz | Mga Ginto sa Putikan |
| Jess Torres | Positibong Kasabihan |
| Jose Corazon De Jesus | Bulaklak ng Lahing Kalinislinisan |
| Jose Rizal | Ang Katamaran ng mga Pilipino |
| Liwayway Arceo | Uhaw ang Tigang na Lupa |
| Manuel L. Quezon | Wikang Pambansa |
| Mil Adonis | Sa Gitna ng Dilim |
| Narciso G. Reyes | Lupang Tinubuan |
| Severino Reyes | Walang Sugat |

*mga may-akda:*

*Asuncion Longga*
*Arlene Maniquis*
*Wilita Enrijo*
*Roselyn Salum*
*Mary Jane Dasig*
*Jocelyn Canlas*
*Sharon Villaverde*
*Roel Cyrus Magpantay*
*Jayson Cruz*
*Jet Gellicano*
*Maricar L. Francia*

## Talaan ng Nilalaman

**PANITIKAN SA PANAHON NG KATUTUBO**

Pagbabalik-aral sa Alamat 1

“*Kung Bakit Nasa Ilalim ng Lupa ang Ginto*” 2

Pagbabalik-aral sa Kuwentong-Bayan 5

“*Naging Sultan si Pilandok*” 5

“*Mahahalagang Tala sa Katutubong Tugma at Sukat ng Tulang Tagalog*” ni Michael M. Coroza 10

Ang Katutubong Salawikain 15

Ang Katutubong Bugtong 16

Ang Tanaga at Dalit 20

Balangkas ng Katutubong Tula 20

Ang Tanaga at Dalit sa Kontemporanyong Panahon 20

“*Kalungkutan sa Tag-ani*” ni Lamberto Antonio 23

“*Agahan*” ni Rio Alma 23

*“Panaginip*“ ni Edgar Calabia Samar 23

“*Umulan man sa Bundok*” 24

Pang-abay na Pamanahon 25

Ang Epiko 26

“*Ang Hudhud ni Aliguyon*” 27

“Ang Paghahanap ni Matabagka sa Diyos ng Hangin “ 33

“*Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit*” 36

**PANITIKAN SA PANAHON NG ESPANYOL**

Tula 42

“*Santa Cruz*” ni Fray Francisco de San Jose 42

Ang Pasyon 42

Sipi mula sa “*Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin*” ni Gaspar Aquino de Belen 43

Panitikang Rebolusyunaryo 45

“*Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*” ni Andres Bonifacio 48

“*Pahayag*” ni Emilio Jacinto 51

**ANG PANITIKAN SA PANAHON NG AMERIKANO**


Dula 57

“*Walang Sugat*” ni Severino Reyes 57

Maikling Kuwento 62

“*Paglalayag sa Puso ng Isang Bata*” ni Genoveva Edroza Matute 63

Balagtasan 67

“*Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan*” nina Jose Corazon de Jesus at Florentino Collantes 68

Tulang Tradisyonal 78

“*Bayan Ko*” ni Jose Corazon de Jesus 78

Tulang Modernista 79

“*Ako ang Daigdig*” ni Alejandro G. Abadilla 80

“*Pag-ibig*” ni Teodoro Gener 82

“*Erotika 4*” ni Alejandro G. Abadilla 83

“*Pag-ibig*” ni Jose Corazon de Jesus 84


**ANG PANITIKAN SA PANAHON NG HAPON**


Maikling Kuwento 86

“*Lupang Tinubuan*” ni Narciso G. Reyes 87

Tula 94

“*Tahimik*” ni Gonzalo K. Flores 94

Ilang Halimbawa ng *Haiku* 95


**PANITIKAN SA PANAHON NG KASARINLAN**


Dula: “*Sinag sa Karimlan*” ni Dionisio Salazar 105

Mga Aspekto ng Pandiwa 122

Mga Pahayag ng Pagsang-ayon at Pagsalungat 124


**MGA ANYO NG KONTEMPORANEONG PANITIKAN**


Mga Anyo ng Kontemporaneong Panitikan 130

Pahayagan (Tabloid) 130

“*Tabloid: Isang Pagsusuri*” ni William Rodriguez II 130

Magasin 132

Komiks 133

Antas ng Wika 136

**ANG BROADCAST MEDIA: MEKANISMO NG PAGBABAGO AT PAG-UNLAD NG KULTURANG PILIPINO**


Ang Radyo at Pananaliksik 143

Kuwentuhang Media mula sa Online Balita 148

Konsepto ng Pananaw 150

"*Sa Gitna ng Dilim*" isinulat ni Mil Adonis 156

Araling Pangwika: Mga Konseptong May Kaugnayang Lohikal 159

Broadcast Media 162


**DOKUMENTARYONG PAMPELIKULA: MIDYUM SA NAGBABAGONG PANLIPUNAN**


Mga Dokumentaryo at Pelikula 166

Sanaysay tungkol sa Direktor: Brillante Mendoza 170

Script ng Pelikulang Manoro (Ang Guro) sa Direksiyon ni Brillante Mendoza 171

Susog na Ugnay Panitikan: Dokumentaryong Pampelikula 182

Elemento ng Pelikula 183

Mga Paraan ng Pagpapahayag 186

"*Pintig, Ligalig, at Daigdig*" ni Jet Oria Gellecanao 188

## PANITIKAN SA PANAHON NG KATUTUBO

### Mga Aralin

- Pagbabalik-aral sa Alamat
  - "*Kung Bakit Nasa Ilalim ng Lupa ang Ginto*"
- Pagbabalik-aral sa Kuwentong-Bayan
  - "*Naging Sultan si Pilandok*"
- "*Mahahalagang Tala sa Katutubong Tugma at Sukat*" ni Michael Coroza
- Ang Katutubong Salawikain
- Ang Katutubong Bugtong
- Ang Tanaga at Dalit
- Balangkas ng Katutubong Tula
- Ang Tanaga at Dalit sa Kontemporanyong Panahon
  - "*Kalungkutan sa Tag-ani*" ni Lamberto Antonio
  - "*Agahan*" ni Rio Alma
  - "*Panaginip*" ni Edgar Calabia Samar
- "*Umulan man sa Bundok*" - isang katutubong tula
- Pang-abay na Pamanahon
- Ang Epiko
- "*Ang Hudhud ni Aliguyon*" – isang epiko ng mga Ifugao
- "*Ang Paghahanap ni Matabagka sa Diyos ng Hangin*" - isang epiko mula sa Bukidnon
- "*Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit*" - isang epiko ng mga Bagobo

### Pagbabalik-aral sa Alamat

### Talasalitaan

Sikaping hanapin sa diksiyonaryo o sa iba pang sanggunian ang kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit sa sumusunod na pangungusap:

1. Taon-taon ay nagdaraos sila ng <u>cañao</u> bilang parangal sa kanilang mga anito.
2. Noong panahong iyon, ang mga Igorot ay naniniwala sa iba't ibang <u>anito</u>.
3. Maibigin sila sa kapwa at may takot sila sa kanilang <u>bathala</u>.
4. Siya'y bumalik sa nayon at nakipagkita sa matatandang <u>pantas</u>.
5. Marahil, ang ibong iyon ay ang <u>sugo</u> ng ating bathala.

**Panitikan**

## Kung Bakit Nasa Ilalim ng Lupa ang Ginto

*Isang Alamat mula sa Baguio*

Sa isang nayon sa Baguio na kung tawagin ay Suyuk, naninirahan ang mga Igorot na pinamumunuan ni Kunto. Si Kunto ay bata pa ngunit siya ang pinakamalakas at pinakamatapang sa kanilang nayon kaya't siya ang ginawang puno ng matatandang pantas.

Ang mga naninirahan sa nayong ito ay namumuhay nang tahimik. Maibigin sila sa kapwa at may takot sila sa kanilang bathala. Taon-taon ay nagdaraos sila ng cañao bilang parangal sa kanilang mga anito. Noong panahong iyon, ang mga Igorot ay naniniwala sa iba't ibang anito.

Kung nagdaraos sila ng cañao ay naghahanda sila linggo-linggo. Pumapatay sila ng baboy na iniaalay sa kanilang bathala. Nagsasayawan at nagkakantahan sila.

Isang araw ay nagtungo si Kunto sa gubat upang mangaso. Hindi pa siya lubhang nakalalayo nang nakakita siya ng isang uwak. Nakatayo ito sa isang landas na kaniyang tinutunton. Karaniwang ang mga ibon sa gubat ay maiilap ngunit ang ibong ito ay kakaiba.

Lumakad si Kunto palapit sa ibon ngunit hindi ito tuminag sa pagkakatayo sa gitna ng landas. Nang may iisang dipa na lamang siya mula sa ibon, bigla siyang napatigil.

Tinitigan siyang mainam ng ibon at saka tumango nang tatlong ulit bago lumipad. Matagal na natigilan si Kunto. Bagamat siya'y malakas at matapang, sinagilahan siya ng takot. Hindi niya mawari kung ano ang ibig sabihin ng kaniyang nakita.

Hindi na niya ipinagpatuloy ang kaniyang pangangaso. Siya'y bumalik sa nayon at nakipagkita sa matatandang pantas. Sabi ng isang matanda, "marahil ang ibong iyon ay ang sugo ng ating bathala. Ipinaaalaala sa atin na dapat tayong magdaos ng cañao."

"Kung gayon, ngayon din ay magdaraos tayo ng cañao," ang pasiya ni Kunto.

Ipinagbigay-alam sa lahat ang cañao na gagawin. Lahat ng mamamayan ay kumilos upang ipagdiwang ito sa isang altar sa isang bundok-bundukan. Ang mga babae naman ay naghanda ng masasarap na pagkain.

Nang ang lahat ay nakahanda na, ang mga lalaki ay humuli ng isang baboy. Ang baboy na ito ay siyang iaalay sa kanilang bathala upang mapawi ang galit, kung ito man ay nagagalit sa kanila.

Inilagay ang baboy sa altar na ginawa nila sa itaas ng bundok-bundukan. Anong laking himala ang nangyari! Nakita nilang ang baboy ay napalitan ng isang pagkatanda-tandang lalaki! Ang mukha ay kulay-lupa na sa katandaan at halos hindi na siya makaupo sa kahinaan. Ang mga tao ay natigilan. Nanlaki ang mga mata sa kanilang nakita. Natakot sila.

Maya-maya'y nagsalita ang matanda at nagwika ng ganito: "Mga anak, magsilapit kayo. Huwag kayong matakot. Dahil sa kayo'y mabuti at may loob sa inyong bathala, gagantimpalaan ko ang inyong kabutihan. Lamang ay sundin ninyo ang lahat ng aking ipagbilin."

"Kumuha kayo ng isang tasang kanin at ilagay ninyo rito sa aking tabi. Pagkatapos sukluban ninyo ako ng isang malaking palayok. Ipagpatuloy ninyo ang inyong cañao. Pagkalipas ng tatlong araw, bumalik kayo rito sa pook na ito.

Makikita ninyo ang isang punongkahoy, na kahit minsan sa buhay ninyo ay hindi pa ninyo nakikita o makikita magpakailanman. Ang bunga, dahon, at sanga ay maaari ninyong kunin ngunit ang katawan ay huwag ninyong gagalawin. Huwag na huwag ninyong tatagain ang katawan nito."

Tinupad naman ng mga tao ang ipinagbilin ng matanda. Ipinagpatuloy nila ang kanilang pista. Pagkaraan ng tatlong araw, bumalik sila sa pook na pinag-iwanan sa matanda. Itinaas nila ang palayok at gaya ng sinabi ng matanda, nakita nila ang isang punongkahoy na maliit. Kumikislap ito sa liwanag ng araw—lantay na ginto mula sa ugat hanggang sa kaliit-liitang dahon.

Nagsigawan ang mga tao sa laki ng galak. Si Kunto ang kauna-unahang lumapit sa punongkahoy at pumitas ng isang dahon. Pagkapitas sa dahon ay nagkaroon kaagad ng kapalit ito kayat nag-ibayo ang tuwa sa mga tao. Bawat isa ay pumitas ng dahon.

Sa loob ng maikling panahon, yumaman ang mga taga-Suyuk. Ang dati nilang matahimik na pamumuhay ay napalitan ng pag-iimbutan at inggitan. Ang punongkahoy naman ay patuloy sa pagtaas hanggang sa ang mga dulo nito'y hindi na maabot ng tingin ng mga tao.

Isang araw, sabi isang mamamayan, "Kay taas-taas na at hindi na natin maabot ang bunga o dahon ng punong-ginto. Mabuti pa ay pagputul-putulin na natin ang mga sanga at dahon nito. Ang puno ay paghahati-hatian natin."

Kinuha ng mga lalaki ang kanilang mga itak at palakol. Ang iba ay kumuha ng mga sibat. Tinaga nila nang tinaga ang puno at binungkal ang lupa upang lumuwag ang mga ugat. Nang malapit nang mabuwal ang punongkahoy ay kumidlat nang ubod-talim. Kumulog nang ubos-lakas at parang pinagsaklob ang lupa at langit.

Nabuwal ang punongkahoy. Nayanig ang lupa at bumuka sa lugar na kinabagsakan ng puno. Isang tinig ang narinig ng mga tao. "Kayo ay binigyan ng gantimpala sa inyong kabutihan. Ang punong-ginto upang maging mariwasa ang inyong pamumuhay. Sa halip na kayo'y higit na mag-ibigan, kasakiman ang naghari sa inyong mga puso. Hindi ninyo sinunod ang aking ipinagbilin na huwag ninyong sasaktan ang puno. Sa tuwi-tuwina ay inyong nanaisin ang gintong iyan."

At pagkasabi ng mga katagang ito, sa harap ng mga tao sa Suyuk, ang puno ay nilulon na ng lupang kinabuwalan. Mula nga noon, nakukuha lamang ang ginto sa pamamagitan ng paghukay sa lupa.

## Pagpapayaman

*Talakayan*

Makipagtalakayan sa klase ukol sa kuwento. Maaaring gamiting gabay ang sumusunod na tanong:

1. Isa-isahing ilarawan ang mga tauhan. Ano-ano kaya ang kanilang motibasyon sa kung bakit ganoon ang kanilang ikinilos?

2. Makatarungan ba ang naging parusa ng bathala sa inasal ng mga tao? Bakit o bakit hindi?

3. Sa iyong palagay, bakit kaya masaklap o malungkot ang alamat na ito? Maaari kayang maging masaya ang isang alamat tungkol sa kung bakit nasa ilalim ng lupa ang ginto?

4. Ano kaya ang silbi ng alamat sa ating mga ninunong katutubo?

*Malikhaing Gawain*

Sa isang pirasong papel, gumawa ng isang *diagram* tungkol sa iba't ibang kultura at tradisyon ng mga Igorot na ipinakita sa alamat.

## Pagbabalik-aral sa Kuwentong-Bayan

## Panitikan

### Naging Sultan si Pilandok

*Isang Kuwentong-bayan ng mga Maranaw*

Si Pilandok ay nahatulang ikulong ng isang masamang Sultan sa isang kulungang bakal at itapon sa dagat dahil sa paghihimagsik na kaniyang ginawa.

Pagkalipas ng ilang araw, ang Sultan ay nanggilalas nang makita si Pilandok sa kaniyang harapan na nakasuot ng magarang kasuotan ng Sultan. Nakasukbit sa kaniyang baywang ang isang kumikislap na ginintuang tabak.

"Hindi ba't itinapon ka na sa dagat?" nagtatakang tanong ng Sultan kay Pilandok.

"Siya pong tunay, mahal na Sultan," ang magalang na tugon ni Pilandok.

"Paanong nangyaring ikaw ay nasa harap ko at nakadamit nang magara? Dapat ay patay ka na ngayon," ang wika ng Sultan.

"Hindi po ako namatay, mahal na Sultan, sapagkat nakita ko po ang aking mga ninuno sa ilalim ng dagat nang ako'y sumapit doon. Sila po ang nagbigay sa akin ng kayamanan. Sino po ang magnanais na mamatay sa isang kahariang masagana sa lahat ng bagay?" ang paliwanag ni Pilandok.

"Marahil ay nasisiraan ka ng bait," ang sabi ng ayaw maniwalang Sultan. "Nalalaman ng lahat na walang kaharian sa ilalim ng dagat."

"Kasinungalingan po iyan! Bakit po naririto ako ngayon? Ako na ipinatapon ninyo sa gitna ng dagat. Ako na ikinulong pa ninyo sa hawla ay naririto ngayon at kausap ninyo," ang paliwanag ni Pilandok. "May kaharian po sa ilalim ng dagat at ang tanging paraan sa pagtungo roon ay ang pagkulong sa hawla at itapon sa gitna ng dagat. Ako po'y aalis na at marahil ay hinihintay na ako ng aking mga kamag-anak."

Umakmang aalis na si Pilandok.

"Hintay," paghinto ng Sultan kay Pilandok. "Isama mo ako at nais kong makita ang aking mga ninuno, ang Sultan ng mga Sultan at ang iba ko pang kamag-anak."

Tatawagin na sana ng Sultan ang mga kawal ngunit pinigil siya ni Pilandok at pinagsabihang walang dapat makaalam ng bagay na iyon. Dapat daw ay mag-isang pupunta roon ang Sultan sa loob ng isang hawla.

"Kung gayon ay ilagay mo ako sa loob ng hawla at itapon mo ako sa gitna ng dagat," ang sabi ng Sultan.

"Sino po ang mamumuno sa kaharian sa inyong pag-alis?" ang tanong ni Pilandok. "Kapag nalaman po ng iba ang tungkol sa sinabi ko sa inyong kaharian sa ilalim ng dagat ay magnanais silang magtungo rin doon.”

Sandaling nag-isip ang Sultan at nakangiting nagwika, "Gagawin kitang pansamantalang Sultan, Pilandok. Mag-iiwan ako ngayon din ng isang kautusang ikaw ang pansamantalang hahalili sa akin."

"Hintay, mahal na Sultan," ang pigil ni Pilandok. "Hindi po ito dapat malaman ng inyong mga ministro."

"Ano ang nararapat kong gawin?" ang usisa ng Sultan. "Ililihim po natin ang bagay na ito. Basta't ipagkaloob ninyo sa akin ang inyong korona, singsing, at espada. Pag nakita ang mga ito ng inyong kabig ay susundin nila ako," ang tugon ni Pilandok.

Pumayag naman ang Sultan. Ibinigay na lahat kay Pilandok ang hinihingi at isinakay sa isang bangka. Pagdating sa gitna ng dagat ay inihagis ang hawlang kinalululanan ng Sultan. Kaagad lumubog ang hawla at namatay ang Sultan. Mula noon si Pilandok na ang naging Sultan.

**Pagpapayaman**

*Talakayan*
Makipagtalakayan sa klase ukol sa binasang kuwento. Maaaring gamiting gabay ang sumusunod na tanong:

1. Ilarawan ang mga tauhan. Ano-ano kaya ang naging motibasyon nila sa kanilang ikinilos? Makatarungan ba ang mga ikinilos nila?
2. Sa kasalukuyang panahon, sino ang maituturing mong Pilandok? Bakit?
3. Paano sinalamin ng kuwentong-bayan ang kultura at tradisyon ng bayang pinagmulan nito?
4. Ano kaya ang silbi ng mga kuwentong-bayan sa buhay ng ating mga ninuno?
5. Paghambingin ang alamat at kuwentong-bayan batay sa mga katangiang taglay ng mga ito bilang akdang pampanitikan.

**Panimulang Pagtataya**

Kumuha ng isang pirasong papel. Sagutan sa abot ng iyong makakaya ang sumusunod na tanong. *Huwag mag-alala kung hindi mo alam ang sagot*—ginagawa ang pagtatayang ito upang malaman ng iyong guro kung alin pang mga aralin ang kailangan ninyong balikan o pag-aralan. ANG RESULTA NITO AY HINDI ISASAMA SA PAGTATAYA NG IYONG GRADO.

**Kakayahang Kumilala ng Pantig**

1. Isulat sa papel ang mga salitang nakalista sa ibaba. Sa tabi ng bawat salita, isulat kung ilang pantig ang mayroon ito.

    a. pangarap
    b. magnanakaw
    c. tinitimbang
    d. pinakapaborito
    e. kumpas

2. Narito ang ilang pangungusap na may mga kulang na salita. Punan ng mga salita (maaaring higit sa isa) ang puwang upang maging *sampung (10) pantig* ang bilang ng pantig sa bawat pangungusap. Kinakailangang mayroon pa ring saysay at naiintindihan pa rin ang mga pangungusap.

    a. Kumakain kami sa ______.
    b. Nakita ko ang ______.
    c. _______ at tumakbo.
    d. _______ papel at lapis.
    e. Isa lang ang ______.
    f. Hayun ang mga _____.
    g. ______ ang mga radyo.
    h. Kasimbilis ng _____ si Dan.
    i. Hindi ko _____ ang baon.
    j. Gusto mo ba ang mga _____?

**Kakayahang Kumilala ng Tudlik o Diin**

1. Sa iyong papel, bumuo ng apat na hanay. Isulat sa unang hanay ang *Malumi,* sa ikalawa ang *Maragsa*, sa ikatlo ang *Malumay*, at sa ikaapat ang *Mabilis.*

| Malumi | Maragsa | Malumay | Mabilis |
|---|---|---|---|
| | | | |

Tukuyin ang tudlik ng mga salitang nasa ibaba. Isulat ang salita sa hanay ng kaniyang tudlik.

muta
hari
anghel
alapaap
talahib
tunggali
halo
bato
tuwa
sampu
masaya
kita
salita
sawi
pantalon
tabo
dakila
agiw
dalaga
motor

2. Ang salitang *paso* ba ay malumi, maragsa, malumay, o mabilis ang tudlik? Pangatwiranan ang sagot.

**Kaligirang Pangkasaysayan ng Panitikan sa Panahon ng Katutubo**

Bago pa man dumating ang mga una nating mananakop na dayuhan, mayroon nang mayamang kaban ng panitikan ang grupo ng mga pulong kalaunan ay tatawaging Filipinas. Bawat pangkat-etniko at pangkat-linggwistiko sa katutubong panahon ay may kani-kaniyang anyo ng tula, alamat, epiko, at mga kuwentong-bayan.

Gayunpaman, marami sa mga panitikang ito ang naglaho na at hindi na natin mababasa, dahil na rin sa pandarahas ng mga dayuhang mananakop hindi lamang sa ating mga lupain at yamang pisikal kundi pati na rin sa ating kaakuhan at kultura. Itinuring ng mga dayuhang mananakop na mababang uri ang kultura nating mga Filipino, kung kaya't hindi karapat-dapat na sagipin.

Naging mahirap rin ang pagligtas sa mga naiwang piraso ng katutubong panitikan, pangunahin na dahil karamihan sa mga ito ay walang nakasulat na bersiyon. Karamihan sa panitikan na umiral noong panahon ng katutubo ay nakatali sa ating mayamang tradisyong pabigkas—hindi dahil sa wala tayong

kakayahang magsulat (mayroon tayong sistema ng pagsusulat na ang tawag ay *baybayin*), kundi dahil mas episyente ang pagpapasa ng mga panitikang ito sa pamamagitan ng pagbigkas.

Sa unang pagsusuri ng mga mananaliksik at akademiko, inakalang ang lahat ng naisulat noong panahon na iyon ay ukol sa karaniwan o pambalanang buhay—halimbawa, kung ang pinagmulan ng panitikan ay isang pangkat-etniko na nakatira malapit sa dagat, madalas ay tungkol sa pangingisda o dagat ang laman ng mga panitikan nila, gaano man kakaraniwan o kapantastiko ang pagkakalahad. Ngunit habang mas marami pa ang nauungkat na mga lumang panitikan ng mga akademiko, mas nakikita na katulad ng mga kontemporanyong akda, hindi maikukulong sa iilang paksa lamang ang mga katutubong panitikan. Patunay ito na bago pa man dumating sa atin ang mga Kanluraning paraan ng pag-iisip, mayroon na tayong napakahusay na orihinal na kultura.

Samakatuwid, ang makikita mong mga panitikan sa yunit na ito ay *patikim* lamang, at rabaw lamang ng kung anong yaman ng ating sinaunang kultura.

**Katutubong Tugma at Sukat**

**Panimulang Gawain**
Hahatiin ang inyong klase sa sampung grupo. Pipili ang bawat grupo ng isang tatayong mensahero. Ang layunin ng bawat mensahero ay kunin ang isang mahabang mensahe sa kaniyang guro, at ihatid ito sa kaniyang grupo. Ang problema: bibigyan lamang ng lima hanggang sampung minuto ang bawat mensahero upang aralin ang nilalaman ng mensahe. Bawal nila itong isulat. Kailangan nila itong matandaan at ihatid sa grupo sa pamamagitan ng pagbigkas lamang. Pagkatapos, isusulat ng ibang kasapi ng grupo ang mensahe sa pisara. Ang grupong pinakatumpak ang mensahe ang siyang magwawagi.

Pagkatapos ng gawaing ito, makipagtalakayan sa klase gamit ang sumusunod na gabay na tanong:

1. Ano ang pagkakaiba sa katangian ng mensahe ng mga grupong nanalo at ng mga hindi nanalo?
2. Patas ba ang laban? Pangatwiranan.
3. Bakit kaya higit na madaling nakabisado ng mga grupong nanalo ang kanilang mga mensahe? Bakit mas mahirap ang mensahe ng mga natalong grupo?
4. Kung hahayaan ang lahat ng mensahero na kopyahin sa papel ang mga mensahe, ano kaya ang kahihinatnan ng laro? Aling grupo ang magiging pinakatumpak ang mensahe?

**Aralin**

**Mahahalagang Tala sa Katutubong Tugma at Sukat ng Tulang Tagalog**
*ni Michael M. Coroza*

- TUGMA

1. **Depenisyon -** Pagkakapare-pareho ng dulong tunog ng dalawa o higit pang taludtod sa isang saknong ng tula.

2. **Prinsipyo -** Pag-uulit ang namamayaning prinsipyo sa pagtutugma. Nauulit ang dulong tunog ng panghuling salita ng sinundang taludtod. **Tandaan: Tunog o ponema ang inuulit, hindi titik.** Sa mas payak na pagsasabi, mga salita (sa dulo ng dalawa o higit pang taludtod) ang pinagtutugma. Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salita kung ang mga ito ay nagtatapos sa iisa o magkapamilyang tunog o ponema**.**

3. **Pangkalahatang Kaurian**
3.1. Patinig (a, e, i, o, u)
3.2. Katinig (b, c, d, f, g, h, j, k, l, m, n, ñ, ng, p, q, r, s, t, v, w, x, y, z)

4. **Mga Uri ng Tugmang Patinig**

4.1. Walang Impit - Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salitang nagtatapos sa iisang patinig na walang impit o glotal na pasara.

| **a** | **e-i** | **o-u** |
|---|---|---|
| masaya<br>dalaga<br>La Paloma<br>pakikipagkita | masiste<br>Tawi-tawi<br>kostumbre<br>pagpapakabayani | Sulu<br>demonyo<br>datu<br>asikaso |

**Tandaan**: Sa tradisyon, maaaring magtugma ang mga salitang nagtatapos sa iisang patinig mabilis man o malumay ang bigkas ng mga ito. Laging alalahaning mabilis o malumay lamang ang mga uri ng bigkas na tinataglay ng mga salitang nagtatapos sa patinig na walang impit.

4.2. May Impit - Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salitang nagtatapos sa iisang patinig na may impit o glotal na pasara.

| **a** | **e-i** | **o-u** |
|---|---|---|
| salita<br>dinarakila<br>mapagpakana<br>pakikidigma | luwalhati<br>katunggali<br>Aling Tale<br>naghahari | siphayo<br>tabo<br>paglalaho<br>halo-halo |

**Tandaan**: Sa tradisyon, maaaring magtugma ang mga salitang nagtatapos sa iisang patinig maragsa man o malumay ang bigkas ng mga ito. Laging alalahaning maragsa o malumi lamang ang mga uri ng bigkas na tinataglay ng mga salitang nagtatapos sa patinig na may impit.

5. **Mga Uri ng Tugmang Katinig**

5.1. Mahina - Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salitang magkatulad ang patinig ng huling pantig at ang pinakadulong ponemang katinig ay alinman sa **l, m, n, ng, r, w, y**.

| a | e-i | o-u |
|---|---|---|
| kas**al** | angh**el** | Boh**ol** |
| al**am** | kuliml**im** | gah**um** |
| halam**an** | De Bel**en** | pantal**on** |
| gat**ang** | dul**ing** | barumbar**ong** |
| lah**ar** | Bal**er** | mot**or** |
| say**aw** | ag**iw** | hello* |
| bit**ay** | ispr**ey** | bad**uy** |

* Bagama't hindi nagtatapos sa **ow/oy** ang hello, ang bigkas nito ay /helow/.

Sa Tagalog/Filipino, walang salitang nagtatapos sa tunog na **h**. Ang salitang *rajah*, bagama't may **h** sa dulo, ay binibigkas nang paganito: /ra•ha/.

**Tandaan**: Sa tradisyon, ang mga salitang may iisang patinig sa huling pantig at nagtatapos sa alinman sa mga katinig na mahina ay nagtutugma mabilis man o malumay ang bigkas ng mga ito. Alalahaning sa pangkalahatan, dadalawa lamang ang uri ng bigkas ng mga salitang nagtatapos sa katinig—mabilis at malumay.

5.2. Malakas - Magkatugma ang anumang dalawa o higit pang salitang magkatulad ang patinig ng huling pantig at ang pinakadulong ponemang katinig ay alinman sa **b, k, d, g, p, s, t**.

| a | e-i | o-u |
|---|---|---|
| hik**ab** | talah**ib** | luk**ob** |
| tagakt**ak** | matal**ik** | Taruc* |
| paglalah**ad** | bilib**id** | panghil**od** |
| pus**ag** | pinip**ig** | halugh**og** |
| alapa**ap** | susmaryos**ep** | kupk**op** |
| patalast**as** | bunt**is** | hulagp**os** |
| pag-uul**at** | pinakb**et** | kilab**ot** |

* Hindi man nagtatapos sa **ok/uk**, binibigkas ang Taruc nang paganito: /taruk/. Kaugnay nito, lahat ng mga bagong katinig na nadagdag sa ating alpabeto, maliban sa **ñ**, ay maitutugma sa mga katutubong katinig na malakas.

| a | e-i | o-u |
|---|---|---|
| *staff*<br>Iraq<br>*tax*<br>*buzz* | *basic*<br>*reef*<br>Steve<br>Kleenex | *havoc*<br>*stove*<br>Xerox<br>Oz |

Dahil mas maluwag tayo ngayon sa pagtanggap ng mga salitang banyaga sa ating pagpapahayag, alalahanin lamang lagi na mga tunog o ponema ang pinagtutugma, hindi mga titik. Ang Steve, halimbawa, ay katugma ng talahib, matalik, bilibid, atbp. dahil binibigkas ito nang paganito: /stiv/. Katugma rin ng mga ito ang Kleenex dahil ang namamayaning dulong tunog sa bigkas ng salitang Kleenex /kli•neks/ ay katinig na malakas.

6. **Mga Antas ng Tugmaan**

6.1. <u>Payak</u> o karaniwan ang antas ng tugmaan kung simpleng sinusunod lamang ang natalakay nang panuntunan sa pagtutugma sa itaas. Ang mahalaga lamang ay ang pag-uulit ng dulong-tunog ng salita, malumay man o mabilis o malumi man o maragsa ang bigkas ng mga salita.

6.2. <u>Tudlikan</u>. Sa antas na ito, isinasaalang-alang na ang bigkas ng salita. Tutugma lamang ang maragsa sa maragsa, ang malumi sa malumi, ang mabilis sa mabilis, at ang malumay sa malumay.

Kung babalikan ang mga halimbawa sa 4.1, kolum **a**, magkatugma ang masaya at dalaga sa antas na payak. Ngunit kung iaakyat sa antas na tudlikan, ang masaya at dalaga ay hindi magkakatugma. Mabilis ang masaya, malumay naman ang dalaga.

Sa 4.2, kolum **e-i**, magkatugma ang luwalhati at magkatunggali sa antas na payak. Ngunit hindi magkatugma ang mga ito sa antas na tudlikan dahil malumi ang luwalhati samantalang ang katunggali ay maragsa.

Sa 5.1, kolum **o-u**, magkatugma sa payak na antas ang pantalon at barumbarong. Ngunit hindi magkatugma ang mga ito sa antas na tudlikan dahil ang pantalon ay mabilis samantalang ang barumbarong ay malumay.

| a | e-i | o-u |
|---|---|---|
| ligaya<br>pag-asa<br>kasama<br>harana | lunti<br>budhi<br>hikbi<br>pagwawagi | bulalakaw<br>pakikipag-away<br>panambitan<br>parang |

6.3. Pantigan. Sa antas na ito, bukod sa bigkas, isinasaalang-alang na rin ang pagkakapareho ng dulong patinig-katinig (PK) o katinig-patinig (KP) ng mga pinagtutugmang salita.

Lahat ng mga halimbawang ibinigay na sa itaas ay hindi papasang magkakatugma sa antas na pantigan.

Sa 1.4.2, kolum **o-u**, ang siphayo at tabo ay magkatugma sa antas na tudlikan ngunit hindi sa antas na pantigan. Ang huling KP ng siphayo ay **yo**, ang huling KP ng tabo ay **bo**.

Sa 5.1, kolum **a**, ang kasal at alam ay magkatugma sa antas na tudlikan ngunit hindi sa antas na pantigan. Hindi magkaparehong-magkapareho ang huling PK ng mga salitang ito. Ang huling PK ng kasal ay **al** samantalang ang sa alam ay **am**.

| a | e-i | o-u |
|---|---|---|
| mu**ta**<br>ba**ta**<br>hi**ta**<br>batu**ta** | palikp**ik**<br>hal**ik**<br>pit**ik**<br>bal**ik** | bil**og**<br>dul**og**<br>luh**og**<br>unt**og** |

6.4. Dalisay. Sa antas na ito, bukod sa pagkakapreho ng bigkas at pagkakapareho ng dulong PK o KP, isinasaalang-alang na rin ang pagkakapareho ng patinig bago ang huling pantig ng mga pinagtutugmang salita.

Sa mga halimbawa sa 6.3, magkatugma sa antas na dalisay ang mga salitang muta at batuta sa kolum **a**. Pansining sa mga salitang ito, kapwa **u** ang patinig bago ang huling pantig. Ang palikpik at pitik sa kolum **e-i** ay magkatugma rin sa antas na dalisay. Kapwa **i** ang patinig bago ang huling pantig sa mga salitang ito. Sa kolum **o-u**, magkakatugma sa antas na dalisay ang mga salitang dulog, luhog, at untog. Pare-parehong **u** ang patinig bago ang huling pantig sa mga salitang ito.

| a | e-i | o-u |
|---|---|---|
| t**ula**<br>d**ula**<br>b**ula**<br>p**u**t**la** | mit**hi**<br>sid**hi**<br>b**i**n**hi**<br>pala**ihi** | b**alo**<br>s**alo**<br>t**alo**<br>m**alo** |

- SUKAT

1. **Depenisyon** - Pagkakapare-pareho ng bilang ng pantig ng dalawa o higit pang taludtod sa isang saknong ng tula.

2. **Prinsipyo** - Tulad sa pagtutugma, pag-uulit ang namamayaning prinsipyo sa pagsusukat. Bilang ng pantig ang inuulit.

3. **Pangkalahatang Kaurian**

   3.1. Gansal (5, 7)

   Buhay alamang, (5)
   Paglukso: patay. (5)

   §

   Katitibay ka, tulos, (7)
   Sakaling datnang-agos, (7)
   Ako'y mumunting lumot (7)
   Sa iyo'y pupulupot. (7)

   3.2. Pares (4, 6, 8)

   Kung di ukol,
   Di bubukol.

   §

   Bumbong kung liwanag,
   Kung gabi ay dagat.

   §

   Ang sugat ay kung tinanggap,
   Di daramdamin ang antak;
   Ang aayaw at di mayag,
   Galos lamang magnanaknak.

**Mga Katutubong Salawikain**

Ang **salawikain**, (na minsan ay tinatawag ring *sawikain* o *kasabihan*) ay isang maikli ngunit makabuluhang pahayag, na karaniwang may matulaing katangian. Naglalaman ito ng mga aral, karunungan, o katotohanan.

**Panitikan**

*Ilang Halimbawa ng Katutubong Salawikain*

Nagmamatandang kulit,
Nagmumurang kalumpit

§

Natutuwa kung pasalop
Kung singili'y napopoot

§

Kung tubig ay magalaw
Ang ilog ay mababaw

§

Buhay-alamang
Paglukso, patay

§

Ubos-ubos biyaya,
Bukas nama'y tunganga.

§

Ang sakit ng kalingkingan
Dama ng buong katawan

§

Ang sugat ay kung tinanggap
Di daramdamin ang antak,
Ang aayaw, at di mayag
Galos lamang magnanaknak

**Pagpapayaman**

*Pagsuri sa Anyo ng Salawikain*

Sa kuwaderno o sa isang pirasong papel, gumawa ng isang tsart na katulad nito:

| Salawikain | Bilang ng Taludtod | Sukat | Tugma |
|---|---|---|---|
| | | | |

Sa unang hanay, kopyahin ang mga salawikain sa itaas. Sa ikalawang hanay, isulat kung ilan ang bilang ng taludtod o linya ng bawat salawikain. Sa ikatlong hanay, tukuyin ang sukat (kung gansal o pares, at sabihin ang bilang ng pantig) nito. Sa ikaapat na hanay, tukuyin ang tugma.

*Pagsuri sa Nilalaman ng Salawikain*
Kumuha ng isang pirasong *bond paper*. Gumawa ng dalawang hanay. Pagkatapos, pumili ng isang salawikain mula sa mga nabasa mo sa itaas. Sa unang hanay, iguhit ang *literal* na sinasabi ng salawikain. Sa ikalawang hanay, iguhit ang sa tingin mong iba pa nitong gustong sabihin.

*Pagtalakay sa Anyo at Nilalaman*
Maaaring makipagtalakayan sa klase nang ginagamit ang sumusunod na tanong bilang gabay:

1. Ano ang napansin ninyo sa anyo ng salawikain? Bakit kaya kinakailangang mayroon itong tugma at sukat?
2. Ano ang napansin ninyo sa paraan ng paglalahad ng kaisipang nakapaloob sa sawikain? Bakit kaya mahalaga sa mga ninuno natin na gawin itong matalinghaga?

**Mga Katutubong Bugtong**

Ang mga **bugtong** ay uri ng palaisipan na nasa anyong patula. Subukin ninyong alamin kung ano ang tinutukoy ng mga katutubong bugtong sa araling ito.

**Panimulang Gawain**

Muling tatalakayin ng inyong guro ang ilan pang bahagi ng *Mahahalagang Tala sa Katutubong Tugma at Sukat*. Sa puntong ito, dapat ay pinagtutuunan na ninyo ng pansin ang mga antas ng tugmaan. Sa mga susunod na gawain, sikaping maging higit pa sa payak ang antas ng tugmaan ng mga isusulat mong tula.

**Panitikan**

*Ilang Halimbawa ng Katutubong Bugtong*

May katawan walang mukha,
Walang mata'y lumuluha

§

Di matingalang bundok
Darak ang nakakamot

§

Isda ko sa Mariveles
Nasa loob ang kaliskis

Kinain na't naubos
Nabubuo pang lubos

§

Nang walang biring ginto
Doon nagpapalalo
Nang magkaginto-ginto
Doon na nga sumuko

**Pagpapayaman**

*Pagsuri sa Anyo ng Bugtong*
Sa kuwaderno o sa isang pirasong papel, gumawa ng isang tsart na katulad nito:

| Bugtong | Bilang ng Taludtod | Sukat | Tugma |
|---|---|---|---|
| | | | |

Sa unang hanay, kopyahin ang mga bugtong sa itaas. Sa ikalawang hanay, isulat kung ilan ang bilang ng taludtod o linya ng bawat bugtong. Sa ikatlong hanay, tukuyin ang sukat (kung gansal o pares, at sabihin ang bilang ng pantig) nito. Sa ikaapat na hanay, tukuyin ang tugma.

*Pagsuri sa Nilalaman ng Bugtong*
Hahatiin ang inyong klase sa grupong kinabibilangan ng lima. Bawat grupo ay kukuha ng kartolina at iba pang panggawa ng *poster*. Bawat grupo ay pipili ng isang bugtong sa mga nabasa ninyo sa itaas. Pagkatapos, gagawa ang bawat grupo ng isang *poster* na nagpapakita ng anatomiya ng isang bugtong. Ang nilalaman ng *poster* ay ang sumusunod:

- Guhit o larawan na nagpapakita ng sagot sa bugtong
- Pagtukoy sa mga bahagi ng larawan na tinutukoy ng bawat bahagi ng bugtong.
- Representasyon sa kung paano itinago ng bugtong ang tamang sagot.

*Paglikha ng Sariling Bugtong*
Pabubunutin ng guro ang bawat mag-aaral ng tigalawang piraso ng maliliit na papel. Sa bawat papel, mayroong nakasulat na isang bagay o gawain. Kailangan mong makaisip ng isang bagong bugtong para sa bagay o gawain na iyon. Alalahanin:

- Kailangang mayroon itong wastong tugma at sukat. Sikaping gawing higit pa sa payak ang antas ng iyong tugmaan.

- Kailangan ay mayroong malinaw na larawang naipakikita ang iyong bugtong, na parehong nagpapalinaw at nagtatago sa pinahuhulaang bagay.
- Kailangan ay tiyak na natutukoy ng iyong bugtong ang pinapahulaang bagay. Ibig sabihin, hindi maaaring mayroon itong ibang bagay pang natutukoy.

Subuking pahulaan ang mga ito sa inyong klase. Tandaan na hindi nasusukat ang husay ng bugtong sa hirap o dali ng pagpapahula dito. Ang tagumpay ng isang bugtong ay hindi lamang sa pagiging mahirap nito, kundi sa husay ng pagtatago—iyong halatang-halata kung ano ang sagot, pero hindi agad mahuhulaan.

### Tanaga at Dalit

Sa araling ito, makikilala mo ang dalawang katutubong anyo ng tula ng mga Filipino: ang *tanaga* at *dalit*. Sa ngayon, tutukuyin lang muna natin ang mga panrabaw na katangian ng mga anyong ito. Hihimayin natin ang kaisipan at nilalaman sa susunod na aralin.

### Panimulang Gawain

Ipagpapatuloy ng iyong guro ang pagtalakay sa *Mahahalagang Tala sa Katutubong Tugma at Sukat.* Sa puntong ito, inaasahang pinipino na lamang ng iyong guro ang inyong kasanayan sa pagtutugma at paglalapat ng sukat. Muli, sa mga susunod na gawaing patula, sikaping gawing higit pa sa payak ang antas ng tugmaan sa iyong tula.

### Panitikan

Basahin ang sumusunod na katutubong tula na nasa anyo ng tanaga at dalit. Marami-rami ang mga salitang maaaring hindi mo alam ang kahulugan. Sumangguni sa diksiyonaryo, o di kaya ay hingin sa iyong guro na gabayan kayo sa pagbabasa.

***Isang Katutubong Tanaga***

Katitibay ka tulos
Sakaling datnang agos
Ako’y mumunting lumot
Sa iyo’y pupulupot

§

Nang walang biring ginto
Doon nagpapalalo
Nang magkaginto-ginto
Doon na nga sumuko

Matulog ka na, bunso
Ang ina mo'y malayo
Di ko naman masundo,
May putik, may balaho.

***Ilang Katutubong Dalit***

Ang sugat ay kung tinanggap
Di daramdamin ang antak,
Ang aayaw, at di mayag
Galos lamang magnanaknak

§

Isda akong gagasapsap
Gagataliptip kalapad
Kaya nakikipagpusag
Ang kalaguyo'y apahap

§

Huwag kang maglingong-likod
Dito sa bayang marupok
Parang palaso, at tunod
Sa lupa rin mahuhulog

**Pagpapayaman**

*Pagsuri sa Anyo ng Tanaga at Dalit*
Bumuo ng grupong kinabibilangan ng limang kasapi. Sa grupo, basahin ulit ang mga tanaga at dalit na nasa itaas. Talakayin sa loob ng grupo ang panrabaw na katangian ng tanaga at dalit. Pag-usapan ang sukat, tugma, at bilang ng taludtod. Tukuyin kung ano ang pinagkapareho at ang pinagkaiba ng dalawang anyo. Inaasahang sa dulo ng inyong talakayan, makapaglalahad kayo ng hinala sa kung ano ang anyo ng tanaga at ano ang anyo ng isang dalit.

*Pagsulat ng Sariling Tanaga at Dalit*
Sa puntong ito, inaasahang naipaliwanag na ng inyong guro kung ano ang wastong katangian ng tanaga at dalit. Sa iyong kuwaderno o sa isang piraso ng papel, sumulat ng **tatlong tanaga** na ang tema ay ang sumusunod:

- Unang tanaga: Umaga
- Ikalawang tanaga: Tanghali
- Ikatlong tanaga: Gabi

Gayundin, sumulat rin ng **tatlong dalit** na ang tema ay ang sumusunod:

- Unang dalit: Galit
- Ikalawang dalit: Tuwa
- Ikatlong dalit: Pagod

Sikaping gawing higit pa sa payak ang antas ng iyong tugmaan. Sa susunod na pagkikita ng inyong klase, maaaring ibahagi ninyo ang inyong mga gawa sa harap ng klase.

**Balangkas ng Katutubong Tula**

**Aralin**

Bilang isang anyo ng pahayag, hindi isang koleksiyon lamang ang tula ng mga magsisintunog na titik at makahulugang salita. Dapat itong maging isang buong pangungusap; ang mga titik at salita'y dapat isaayos tungo sa isang makabuluhan balangkas ng pagpapabatid ng diwa, damdamin, pangyayari, larawan, o kakintalan.

Kaya't sa bawat saknong, kinakailangang maglatag nang sapat na estruktura para mapagsakyan ng ihahayag na damdamin o kaisipan at para maisakatuparan ang malikhain at makabuluhang layunin ng tula.

Sa pagtataya ni Virgilio S. Almario sa kaniyang librong *Taludtod at Talinghaga*, mayroong tatlong balangkas ng saknong ang tulang katutubo.

*1. Pasuhay*

Sa balangkas na pasuhay, ang tula ay magsisimula sa panukalang layunin o paksa, at ang sumusunod na taludtod ay magsisilbi lamang na suporta sa pangunahing paksa na ito.

Tingnan halimbawa ang dalit na ito:

Magdaralita ang niyog,
Huwag magpapakalayog;
Kung ang uwang ang umuk-ok,
Mauubos pati ubod.

Kung kukunin natin ang unang dalawang taludtod, makikita agad natin ang gustong sabihin ng tula: na anumang taas ng niyog ay hindi dapat ito magyabang.

Sa unang taludtod pa lamang ay buo na ang ibig sabihin ng tula. Ang sumunod na mga taludtod (Kung ang uwang ang umuk-ok / Mauubos pati ubod) ay nagpapakita lamang ng dahilan sa kung bakit hindi dapat magyabang ang niyog gaano man ito katangkad: dahil ang isang insektong kasinliit ng uwang ay kaya itong patumbahin.

*2. Patimbang*

Sa balangkas na patimbang, nahahati ang saknong sa dalawang timbang na pangkat ng taludtod na maaaring magkaayon o magkasalungat. Madalas, ang dalawang pangkat na ito ay may pagkakahawig sa paglalatag ng diwa.

Tingnan ang halimbawang tanagang ito:

Nang walang biring ginto,
Doon nagpapalalo;
Nang magkaginto-ginto,
Doon na nga sumuko.

Pansinin kung paanong ang unang dalawang taludtod ay eksaktong kabaligtad ng dalawang huling taludtod. Sa unang dalawang taludtod, ang tinutukoy ng tula ay walang dalang ginto ngunit nagmamayabang. Sa ikalawang taludtod, nagkaroon na ng ginto ang tinutukoy ng tula, ngunit naging mapagpakumbaba na ito. Samakatuwid, nagtitimbangan ang dalawang ideya.

*3. Pasuysoy*

Sa balangkas na pasuysoy, ang mga nauunang taludtod ay tumutulong lamang upang isulong ang pahayag patungo sa huling linya. Sa balangkas na ito, sa panghuling taludtod lamang magiging lubos na malinaw ang diwa ng tula.

Tingnan ang halimbawang dalit na ito:

Isda akong gagasapsap,
Gagataliptip kalapad;
Kaya nakikipagpusag,
Ang kalaguyo’y apahap.

Isa itong tula tungkol sa isang maliit na isda na kasinlaki lang ng sapsap at kasinglapad lang ng taliptip. Pero nagagawang makipagpusag ng isdang ito—isang gawaing para sa mga malalaking isda—dahil mayroon siyang kasintahang mas malaking isda, ang apahap. Kung pag-iisipan pang mabuti, maaaring maging tungkol rin ito sa ugali ng tao na magmayabang dahil lamang mayroon silang kaibigan o kakilalang malakas, makapangyarihan, o mayaman.

Sa balangkas na pasuysoy, hindi natin makukuha ang buong diwa ng tula hangga't hindi natin natatapos ito. Hindi ito katulad sa balangkas na pasuhay, kung saan alam na natin sa unang dalawang taludtod pa lamang kung ano ang gustong sabihin ng tula.

**Pagpapayaman**

*Pagtukoy sa Balangkas ng Tula*

Narito ang ilang mga tanaga at dalit. Tukuyin ang balangkas ng mga tulang ito, at ipaliwanag kung bakit.

Huwag kang maglingong likod
Sa bayang marupok;
Parang palaso, at tunod
Sa lupa rin mahuhulog

§

Ang sugat ay kung tinanggap,
Di daramdamin ang antak;
Ang aayaw, at di mayag,
Galos lamang magnanaknak.

§

Matulog ka na, bunso,
Ang ina mo'y malayo,
Di ko naman masundo,
May putik, may balaho.

§

Ang tubig ma'y malalim,
Malilirip kung libdin;
Itong budhing magaling,
Maliwag paghanapin.

**Ang Tanaga at Dalit sa Kontemporanyong Panahon**

Hanggang sa kasalukuyang panahon, nanatiling buhay ang anyo ng tanaga at dalit. Narito ang ilang halimbawa ng mga tanaga at dalit na naisulat nitong nakaraang limang dekada. Maganda kung tatalakayin ninyo sa klase: ano ang kaibahan ng mga tanaga at dalit na ito sa mga nilikha noong panahon ng katutubo?

**Panitikan**

**Kalungkutan sa Tag-ani**
*Lamberto Antonio*

Ang umaalong palay,
Kakulay na ng sinag;
Ang puso ko'y kakulay
Ng abuhing pinitak.

**Agahan**
*Rio Alma*

Isang pinggang sinangag,
Isang lantang tinapa,
Isang sarting salabat,
Isang buntonghininga.

**Panaginip**
*Edgar Calabia Samar*

Isang sipi sa magdamag:
nginangatngat nitong ipis
pitong pisi ng pangarap
na nagsalabid sa isip.

**Pagpapayaman**

*Muling Pagsulat ng Tanaga at Dalit*
Sa iyong kuwaderno o papel, sumulat muli ng tatlong tanaga o dalit (maaaring magkahalo, hal., isang tanaga at dalawang dalit). Maaaring kumuha ng kahit anong tema o paksa, ngunit kinakailangang magamit ang tatlong balangkas ng katutubong tula. Ibig sabihin, susulat ka ng isang tulang pasuhay, isang patimbang, at isang pasuysoy.

Piliting maging higit sa payak ang antas ng tugmaan. Ihanda ang sarili sa pagbabahagi ng naisulat sa susunod na pagkikita ng klase.

**Isang Halimbawa ng Ibang Katutubong Tula**

**Panimulang Gawain**

Naibigay dapat na takdang gawain ng inyong guro ang pagsusuot ng mga damit na sa tingin ninyo ay naglalarawan sa isang Filipinong makata. Sa isang buong *period*, magbabasa at magtatalakayan kayo nang suot-suot ang inyong makata *costume*. Sikaping magsalita nang may tugma, kung hindi man may sukat, ang inyong mga sinasabi.

Sisimulan ang talakayan sa pamamagitan ng pag-uusap tungkol sa inyong konsepto ng “Filipinong makata.” Maaaring gamitin ang sumusunod na tanong bilang gabay:

1. Ano ang napansin ninyong karaniwang suot ng mga mag-aaral sa inyong klase ngayong makata *costume* day?
2. Kung maaari, ipakita kung paano kumilos at magsalita ang makatang Filipino sa iyong pananaw.
3. Bakit kaya ito ang namumuong larawan ng makatang Filipino sa inyong mga isip?

Maghanda upang basahin ang katutubong tulang “Umulan man sa Bundok.”

**Panitikan**

**Umulan man sa Bundok**

Umulan man sa bundok
Huwag sa dakong laot.
Aba, si Kasampalok,
Nanaw nang di ko loob
Wala ni baong kumot.

**Pagpapayaman**

*Pagtalakay sa Tula*
Tatalakayin ng klase ang tulang “Umulan man sa Bundok.” Maaaring gamitin ang sumusunod na tanong bilang gabay:

1. Pansinin ang anyo ng tula. Ano ang pagkakatulad nito sa mga naunang anyong pinag-aralan natin? Ano ang pagkakaiba nito?
2. Sino sa tingin mo ang nagsasalita sa tula? Sino si Kasampalok?
3. Ano ang hinihiling ng nagsasalita sa tula? Bakit kaya niya ito hinihiling?
4. Ano ang ginawa ni Kasampalok? Sa tingin mo, ano kaya ang ibig-sabihin ng ginawa niyang ito sa relasyon nila ng nagsasalita sa tula?
5. Paano ipinakita ng tula ang pagkabalisa ng nagsasalita?
6. Paano kaya naibahagi ng tula ang mga komplikadong damdamin at pangyayari nang hindi ito kumikiling sa labis na sentimentalidad o pagdadrama?
7. Pag-isipan: ito kaya ang klase ng tula na nilikha ng inyong istiryotipikal na makata?

*Pagsulat ng Sariling Tula*

Ito na ang huling tulang isusulat mo para sa markahang ito. Dahil dito, bibigyan ka ng lubos na kalayaan sa paglikha. Kinakailangang may wastong tugma at sukat pa rin ang iyong tula, ngunit hindi ka na bibigyan ng bilang ng taludtod o saknong. Maaaring maging lubos na maigsi o lubos na mahaba ang tulang isusulat mo. Ang mahalaga ay ang kalidad ng tula.

Sikaping gayahin ang kalidad ng "Umulan man sa Bundok:" napakaraming sinasabing komplikadong damdamin at pangyayari, ngunit labis na mapagtimpi.

At muli, sikaping gumamit ng antas ng tugmaan na higit pa sa payak.

**Pang-abay na Pamanahon**

**Aralin**

Ang *pang-abay na pamanahon* ay nagsasaad kung kailan naganap o magaganap ang kilos na taglay ng pandiwa. Napapangkat ang ganitong uri ng pang-abay: (1) may pananda at (2) walang pananda.

Gumagamit ng *nang, sa, noong, kung, tuwing, buhat, mula, umpisa, at hanggang* bilang mga pananda ang pang-abay na pamanahon

*Mga halimbawa:*

1. Kailangan ka bang pumasok *nang araw-araw*?
2. Inaasahan tayo roon *sa gabi*, hindi *sa araw*.
3. *Noong Lunes* siya nagsimula sa kaniyang bagong trabaho.
4. *Kapag Mahal na Araw* ay sinisikap niyang mag-ayuno.
5. *Tuwing Pasko* ay nagtitipon-tipon silang mag-anak.

May mga *pang-abay na pamanahon* na walang pananda tulad ng *kahapon, kanina, ngayon, mamaya, bukas, sandali,* at iba pa.

*Mga Halimbawa:*

1. Pitong pangunahing alagad ng sining ang tumanggap *kahapon* ng "National Artist Award" buhat sa Pangulo.
2. Manonood kami *bukas* ng pambansang pagtatanghal ng dulang Filipino sa CCP.

3. Magsisimula *pamaya-maya* ang kumbensiyon tungkol sa pagpapabahay sa mahihirap.
4. Ipinagdiriwang *ngayon* ng Makati ang ika-262 anibersaryo ng kaarawan ni Gabriela Silang.
5. Panauhing pandangal *mamaya* ang bagong pangulo sa pagkakaloob ng Gantimpalang TOYM.

**Ang Epiko**

**Aralin**

Ang epiko ay isang mahabang tulang nagsasalaysay ng pakikipagsapalaran o mga ginawa ng isa o higit pang bayani o maalamat na mga nilalang. Pinaniniwalaang bawat bayan at pangkat-etniko sa Filipinas ay may natatanging epiko, ngunit hindi lahat ay nailigtas mula sa pagbura ng kultura dulot ng pananakop ng mga dayuhan. Halimbawa, may natatanging epiko ang mga Iloko, Ifugao, at Waray (na may salita para sa epiko: *kandu)*, ngunit walang may alam kung ano ang epiko ng mga Tagalog—pinaghihinalaang nawala na ito nang tuluyan dahil sa malakas na impluwensiya ng mga mananakop na Kastila.

Sa madaling salita, mayroon nang epiko ang mga lahi sa Filipinas bago pa man makarating sa atin ang salitang "epiko". Ang salitang epiko ay mula sa salitang Griyegong "epos" na nangangahulugang salawikain o awit.

Kilala sa mga Iloko ang epikong Biag ni Lam-ang. Ito ay isinulat ng makatang si Pedro Bukaneg na sininop at pinag-aaralan pa rin hanggang sa kasalukuyan. Sa Bikol naman ay tanyag ang epikong Ibalon na ang orihinal na sipi sa wikang Bikolano ay iningatan ni Padre Jose Castaño noong ika-19 dantaon. Gayundin ang epikong Handiong ng mga Bicolano na batay naman sa mga bagong pananaliksik ay likha ng isang paring Español at hindi sa bibig ng mga katutubo.

Sa Visayas naman nagmula ang epikong Maragtas, at sa Mindanao ang pinakamahabang epiko sa Pilipinas na Darangan. Nakapaloob sa Darangan ang kilalang mga epikong Prinsipe Bantugan, Indarapatra at Sulayman, at Bidasari. Ang mga kapatid naman natin sa CAR (Cordillera Administrative Region) partikular sa Ifugao ay may ipinagmamalaki namang Hudhud at Alim.

Mahalaga sa mga sinaunang pamayanan ang epikong-bayan. Bukod sa nagiging aliwan ang epiko, ito ay nagsisilbing pagkakakilanlang panrehiyon at pangkultura. Ginagamit ito sa mga ritwal at pagdiriwang upang maitanim at mapanatili sa isipan ng mga mamamayan ang mga kinagisnang ugali at paniniwala, gayundin ang mga tuntunin sa buhay na pamana ng ating mga ninuno.

## Ang Hudhud ni Aliguyon

## Panitikan

### Ang Hudhud ni Aliguyon

*Isang Buod na Halaw mula sa The Epics ni Damiana Eugenio*

Ipinanganak si Aliguyon sa bayan ng Hannanga. Si Amtalao ang kaniyang ama, at si Dumulao ang kaniyang ina. Nang maliit pa lang siyang bata, madalas siyang kuwentuhan ng kaniyang tatay ng mga pakikipagsapalaran niya sa digmaan. Tinuruan rin siya ng kaniyang tatay na gumamit ng sibat at kalasag. Mabilis na natuto si Aliguyon.

Ilang taon pa ang lumipas, at ginawan ni Amtalao si Aliguyon ng isang trumpo. Tinuruan niya si Aliguyon kung paano ito paikutin, at kung paano ito gamitin upang talunin at wasakin ang trumpo ng iba pa niyang kalaro. Tinuruan rin niya si Aliguyon kung paanong lumikha ng mga sibat na gawa sa runo at kung paanong makipaglaban gamit ito.

Habang tumatanda, madalas makinig si Aliguyon sa mga dasal pandigma ng tribu. Kalaunan, natutuhan rin niyang usalin ang mga dasal at salitang makapangyarihan. Dahil sa mga angking galing ni Aliguyon, siya ang naging pinuno ng mga kabataan sa kanilang tribu.

Nang naging binata na si Aliguyon, tinipon niya ang kaniyang mga kasama upang lusubin ang kalaban ng kaniyang tatay, si Pangaiwan ng bayang Daligdigan. Subalit nang makarating sila sa Daligdigan, ang nakaharap niya ay hindi si Pangaiwan, kundi ang anak nitong si Pumbakhayon. Kasingtapang at kasinggaling ni Aliguyon si Pumbakhayon. Tumagal ang digmaan ng tatlong taon, nang hindi malinaw kung sino ang mananalo.

Dahil sa haba ng digmaan, natutuhang irespeto ng dalawang bayani ang husay ng bawat isa. Dahil tila magkapantay sa galing sa pakikipagdigma, nagpasya silang tapusin ang digmaan. Sa harap ni Pangaiwan, nagkasundo silang pananatilihin ang kapayapaan sa pagitan ng kanilang mga pamilya.

Nang matapos ang pagkakasundo, niligawan ni Aliguyon ang pinakabata at pinakamaganda sa mga kapatid na babae ni Pumbakhayon, si Bugan. Iniuwi ni Aliguyon si Bugan sa Hannanga, at lumaki siyang isang napakagandang dalaga. Dumalaw si Pumbakhayon sa Hannanga upang saksihan ang kasalan sa pagitan ni Aliguyon at ng kaniyang babaeng kapatid.

Naging matapat at makatwirang pinuno ng tribu si Aliguyon at Bugan, at minahal sila ng kanilang mga katribu.

*Dalawang Sipi mula sa Hudhud ni Aliguyon*

I. Ang Simula ng Epiko – Nang Bata pa si Aliguyon

Isinama sa sipi na ito ang orihinal na bersiyon sa wika ng mga Ifugao. Subuking pansinin ang mga panrabaw na katangian ng epikong ito. May sukat ba ito at tugma? Ano kaya sa tingin mo ang dahilan ng maraming pag-uulit?

| Ifugao | Filipino |
|---|---|
| Hi Aliguyon, nak Amtalao<br>Doladad Hannanga<br>Ohanan bigbigat ya kanana,<br>“Daan kayuken, a-ay-ayam Aliguyon?<br>Gawaon yuy gawanad Hannanga.”<br>Kahingayan nan a-ay-ayam Aliguyon<br>Ot mun-bowbow-wot aa.<br>Bow-wot Aliguyon an inkem adna ohladanda,<br>Hay bow-wot Aliguyon ya natuhg-ug baleda,<br>Ct miptok hi bangibang amanan hi Iken<br>Gimangao an pimmingo nan bangibang;<br>Ding-gol Aliguyon, nak Amtalao,<br>Ot hunghop itangadna pintyen di baleda<br>Nangitada-nay bangibang ot ilaona,<br>Hi Aliguyon nana intongbanay bangibang ke Iken<br><br>Ya inay-unan hinweng di gullu kayda<br>Ot inay-unan iha-ul hi daulonda.<br>Ilabtakna unligtuwan di kamaligda<br>Ya kanana, “Dakayuken a-ay-ayamku, gawaonyuy<br>Ta mamyu taku gullukay ta ngumayetaku.”<br>Kahingayan di a-ay-ayamna.<br>Uming-ingukud da daulonda,<br>Mahyeto pangal-alawag Aliguyon hi daulonda,<br>Ya kanana, “Heake gullukaymi, | Si Aliguyon, anak ni Amtalao,<br>Na nakatira sa Hannanga,<br>Ay bumigkas isang araw:<br>“Nasaan na kayo, mga kasama ni Aliguyon?<br>Gawin ang ginagawa sa Hannanga.”<br>Maingay na nagtipon ang mga kasama ni Aliguyon,<br>At naglaro sila ng trumpo.<br>Tumalbog-talbog ang trumpo ni Aliguyon sa bakuran<br>Umikot-ikot ito sa loob ng kanilang bahay,<br>At tinamaan ang *bangibang* ng matandang ama.<br>Tumunog ang *bangibang* na parang isang awit;<br>Narinig ito ni Aliguyon, anak ni Amtalao,<br>Kaya’t itinaas niya ang kaniyang noo, tumungo sa pinto ng kanilang bahay,<br>At inabot ang bangibang upang hanapin ang kaniyang trumpo,<br>At nang hindi mahanap, ibinato niya ang *bangibang* sa amang matanda.<br><br>Pagkatapos, inalis niya sa pagkakatali ang kanilang tandang<br>At dinala ito sa ilalim ng kanilang bahay.<br>Nagmadali siya papunta sa kamalig,<br>At bumigkas: “Mga kasama, gawin ang kailangang gawin.<br>Dadasalin natin ang dasal ng |

| | |
|---|---|
| Gawanah ya yumangudkan pinyuku,<br>Dieket inilam an ikamligda Aliguyon;<br>Ya ipidongmo an pinyukan gullukay."<br>Himmapit hi Indumulao an kanana,<br>"Antipeh ung-unga-unga, Aliguyon!<br>An bunuhbuh-ku ya inpakainilanah,<br>Mamyu gullukaymi gawanad Hannanga?"<br>Abunadih ya lumibwat hi Indumulao<br>Ot hipduyonay in-yung-nganda,<br>Ya pemmelek hi ohladanda.<br>Hi Aliguyon, nak Amtalao, ya ugge naglongan;<br>Ya kanana, "Ba-at dakanah yuddungan mi gawana!<br>Te bokom man lubog Aliguyon, nak Amtalao,<br>Te hi inan hi Indumulao."<br>Anud-udpayan Indumulao ya kanana<br>"Nganne innu-innun Indumulao<br>Kon ung-unga Aliguyon an binuhbuhku<br>Ya impakainilana pamyu?"<br>Indumulao-ana impiditna nakap-pong ay kawayanda,<br>Ing-ganah ohladanda;<br>"Im-imbat," Aliguyon ya kanana<br>"Baat dakana! Kawayanmi gawanan<br>Te bokonna luboy Aliguyon<br>Te hi inan hi Indumulao." | tandang dahil pupunta tayo sa isang digmaan."<br>Maingay na nagtipon ang kaniyang mga kasama<br>Nagtipon-tipon sila sa ilalim ng bahay;<br>Taimtim na nagdasal si Aliguyon sa ilalim ng bahay,<br>Inuusal, "Bigyan kami ng palatandaan, o tandang,<br>Bigyan kami ng palatandaan!<br>Sinasamo kita sa aking dasal,<br>Na hindi mo makita ang pagkatalo ni Aliguyon sa digmaan;<br>Sagutin ang dasal namin ng isang palatandaan, o tandang."<br>Lumapit si Dumulao, ang ina, at sinabing<br>"Itigil mo iyan, anak kong Aliguyon!<br>Mahal kong anak, kanino mo kaya natutuhang<br>Dasalin ang dasal ng tandang ng Hannanga?"<br>At biglang tumayo si Dumulao<br>At sinipa ang mangkok na may lamang alak<br>At umalingawngaw ang pagkabasag nito sa kapatagan.<br>Hindi natakot si Aliguyon, anak ni Amtalao;<br>Isinigaw niya, "Nawa'y ang basag na mangkok<br>Ay hindi maging kasamaang palad ni Aliguyon, anak ni Amtalao,<br>Kundi ng kaniyang nanay na si Dumulao."<br>Nagulat sa kaniyang narinig, sinabi ni Dumulao,<br>"O, anong kailangan mong gawin, Dumulao,<br>Sa iyong mahal na anak na Aliguyon,<br>Na masyadong marami ang alam na dasal?"<br>Sa inis ni Dumulao, kinuha niya ang |

| | |
|---|---|
| | kawayang tinutuntungan ng tandang,<br>At inihagis ito sa bakuran.<br>“Nawa,” sigaw ni Aliguyon,<br>“Na ang kawayang kinuha sa amin<br>Ay hindi maging kasamaang palad ni Aliguyon,<br>Kundi ng kaniyang nanay na si Dumulao.” |

II. Ang Labanan ni Aliguyon at Pumbakhayon

At sinabi ni Pumbakhayon kay Aliguyon,
“Aliguyon, doon tayo maglaban sa dalampasigan,
Dahil ang palay namin ay halos ginto na at hinog;
Masisira ang aming palay kapag dito tayo nagdigma.”
At sumagot si Aliguyon, “Anong masama doon?
Hindi ako aalis sa iyong palayan,
Lalabanan kita dito hanggang ang mga kawayan at mga punong *alimit*
Ay tumubo sa iyong palayan.”
At sinukat ni Aliguyon si Pumbakhayon,
Tiningnan niya ang mga paa nito at sinabing,
“Tila matipuno si Pumbakhayon?
Sinusubok niyang ideretso ang kulot niyang mga daliri sa paa.
Hindi kaya walang silbi ang pakikidigma
Kung pantay lang kami ng husay at lakas?”
Hinawi ni Aliguyon ang mga palay
Upang makausad sa kapatagan.
Ganoon rin si Pumbakhayon.
Inihagis ni Aliguyon ang kaniyang sibat,
Deretso kay Pumbakhayon;
Matalas ang pag-iisip, nasalo
Ni Pumbakhayon ang sibat ni Aliguyon.
Sinundan ng mga mata ni Aliguyon ang sibat.
Nakita niyang nasalo ito ni Pumbakhayon
Kung kaya’t pumalatak siya sa inis.
Inihagis ni Pumbakhayon ang sibat kay Aliguyon.
Matalas, ang pag-iisip, nasalo
Ni Aliguyon ang sibat ni Pumbakhayon.
Nakita ni Pumbakhayon ang husay ni Aliguyon
Kung kaya’t pumalatak siya sa inis
At sinabing, “Napakahusay ni Aliguyon,
Anak ni Amtalao!”
At inihagis nila ang sibat sa isa’t isa,

At nasalo nila ang sibat ng isa't isa,
At naglaban sila nang matindi sa palayan;
Mula bukangliwayway hanggang tanghali,
Nasisinagan ng kanilang mga sibat ang palayan,
At sinasabayan ito ng kanilang mga sigaw pandigma.
Ang mga dalagang nanonood kay Pumbakhayon
Ay nagsisisigaw,
"Laban, laban, Pumbakhayon!
Patayin si Aliguyon! Ibigay sa amin ang kaniyang ulo,
Nang maging sariwa na ang hangin sa aming mga kabahayan!"
Tiningnan ni Pumbakhayon ang mga dalaga at sinabing,
"Magsitahimik kayo, mga magagandang dilag,
Dahil karapat-dapat na kalaban si Aliguyon;
Magkasinghusay kami."
Nang marinig ni Dangunay at Pangaiwan ang tungkol sa kanilang anak,
Umalis ang ina, puno ng kaba,
Kasama ang kaniyang sanggol na si Bugan.
Ibinalot niya ng kumot ang sanggol at itinali sa likod
At lumabas siya ng bahay
At tumawid siya sa bakuran, ng bayan,
At lumakad siya hanggang sa marating ang pader ng bayan.
Tinanaw niya ang palayan
At nakita si Aliguyon at Pumbakhayon;
Nakita niya ang dalawa at pinaghambing ang mga ito,
Si Pumbakhayon at Aliguyon—
At sinabi, "Walang mas mahusay, pantay sila sa lahat ng bagay."
Sumimangot siya sapagkat pareho silang magaling.
Sumimangot sa nakitang palayang nauulapan ng alikabok ng digma.
Itinaas ni Dangunay ang isang bolo,
At nakuha nito ang pansin nina Pumbakhayon at Aliguyon.
Sumigaw si Dangunay mula sa pader—
"Kayong dalawa, ano ang nakukuha ninyo sa paglalaban sa palayan?
Pantay lang ang inyong lakas!
Ano pa ang silbi ng pakikidigma?"

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

Tatalakayin ng klase ang binasang epiko. Maaaring gamiting gabay sa talakayan ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang sinaunang paniniwalang ipinakita sa Hudhud ni Aliguyon? Ano ang halaga ng mga paniniwalang ito sa mga katutubong Ifugao?

2. Ilarawan si Aliguyon bilang bata. Bakit kaya ganito ang napiling katangian ng bidang tauhan ng mga mananalaysay?
3. Balikan ang labanan sa pagitan ni Aliguyon at Pumbakhayon. Paano mo ilalarawan ang labanang ito? Paano ito natapos?
4. Ano kaya ang sinasabi ng epikong ito tungkol sa pagturing ng mga Ifugao sa digmaan?

Sa iyong palagay, bakit tuwing anihan inaawit ang Hudhud ni Aliguyon?

*Malikhaing Gawain*
Lumikha ng isang 3-5 pahinang komiks na muling nagsasalaysay ng mga nabasa mong bahagi ng epiko ni Aliguyon.

**Ang Paghahanap ni Matabagka sa Diyos ng Hangin**

**Panimulang Gawain**

Hahatiin ang klase sa dalawang grupo. Sa pisara, isusulat ng guro ang “Lalaking Superhero” sa isang bahagi, at “Babaeng Superhero” sa kabilang bahagi. Itatakda ng guro kung aling bahagi ang mapupunta sa aling grupo. Pagkatapos, bibigyan ng limang minuto ang bawat grupo upang maglista ng mga pangalan ng mga kilala nilang superhero ayon sa naitakdang kasarian sa kanila. Ang pinakamaraming mailista ang mananalong grupo.

Pagkatapos ng gawain, magkakaroon ng talakayan ang klase. Maaaring gamiting gabay ang sumusunod na tanong:

1. Patas ba ang laro? Ipaliwanag ang sagot.
2. Bakit kaya mas maraming nailista ang isang pangkat kaysa sa isa pang pangkat?
3. Alisin ang mga bersiyon ng superhero sa isa pang kasarian na lumitaw lamang kalaunan. Halimbawa, kung isinulat si Batgirl, ekisan ito dahil naunang lumitaw si Batman sa kaniya. May nagbago ba sa estado ng laro? Nagbago ba ang nanalo?
4. Sa iyong palagay, ano kaya ang papel ng kasarian sa dami ng bayani/superhero na lumilitaw sa kasarian na iyon? Bakit ganoon ang dami ng mga lalaking superhero? Bakit ganoon ang dami ng mga babaeng superhero?

## Panitikan

### Ang Epiko ng Nalandangan: Ang Paghahanap ni Matabagka sa Diyos ng Hangin

*Isang Buod na Halaw mula sa The Epics ni Damiana Eugenio*

Pinilit ni Matabagka ang kaniyang kapatid na si Agyu na sabihin sa kaniya ang babalang ibinahagi ng tumanod (gabay na kaluluwa). Napansin kasi ni Matabagka na hindi mapakali ang kaniyang kapatid noong nakaraang mga araw dahil sa babalang ito.

Ikinuwento ni Agyu na sinabi sa kaniya ng tumanod na naghahandang lusubin ni Imbununga ang Nalandangan, ang kaharian ni Agyu. Kapag nangyari ito, mawawasak ang Nalandangan at mamamatay ang lahat ng nakatira dito, dahil si Imbununga ang may hawak ng makapangyarihang taklubu, na kayang lumikha ng napakalakas na mga ipuipo, at ang baklaw, kung saan nakatira ang pinakamarahas na mga bagyo.

Nang marinig ito, tumawa lang si Matabagka, at sinabi sa kapatid na wala siyang dapat ipag-alala. Iniwan ni Matabagka si Agyu, pumunta sa kaniyang silid, at naghanda upang umalis.

Kinuha niya ang kaniyang libon—ang sisidlan ng mga nganga at kung ano-ano pa. Sumakay siya sa kaniyang sulinday, isang malaking salakot na nakalilipad. Tahimik na tahimik siyang lumipad palayo ng Nalandangan.

Nang malaman ni Agyu ang pag-alis na ito ng kaniyang kapatid, nag-utos siya sa kaniyang mga kawal na hanapin ito. Nagpadala siya ng mga sundalo upang harangin si Matabagka at ibalik siya sa Nalandangan.
Malayo ang nilipad ni Matabagka, ngunit narating niya ang bahay ni Imbununga. Bumaba siya sa gitna ng silid kung saan nakaupo si Imbununga, na nagulat sa biglang paglitaw ng isang napakagandang dalaga sa kaniyang harapan. Para kay Imbununga, parang isang sinag ng araw ang pagdating ni Matabagka.

Nagkunwari si Matabagka na naligaw lamang papuntang Nalandangan, at nagtanong kung paano makapunta dito, sa pag-iisip na sasabihin ni Imbununga ang ilan sa mga plano niya sa paglusob sa Nalandangan. Hindi nagtagumpay ang plano ni Matabagka. Sinabi ni Imbununga na hindi siya magbibigay ng kahit anong impormasyon hangga’t hindi siya pinakakasalan ni Matabagka. Hindi rin makaaalis si Matabagka dahil pinipigil ni Imbununga ang paglipad ng sulinday gamit ang kaniyang kapangyarihan ng hangin.

Napilitan si Matabagka na pakasalan si Imbununga. Samantala, hindi rin nagtagumpay ang paghahanap ng mga tauhan ni Agyu kay Matabagka.

Naging mabuting asawa si Matabagka. Ngunit hindi niya nalilimutan ang kaniyang misyon. Nang makita niya kung saan itinatago ni Imbununga ang taklubu at baklaw, nag-isip siya agad ng isang plano.

Binigyan ni Matabagka ng isang nganga na may halong pampatulog si Imbununga. Nang bumagsak ang diyos at nakatulog dahil sa nganga, agad na kinuha ni Matabagka ang taklubu at baklaw, at tumakas sakay ng kaniyang sulinday.

Nang magising si Imbununga, napansin niya agad na nawawala si Matabagka. Napansin niya rin na nawawala ang kaniyang taklubu at baklaw. Inutusan niya ang kaniyang mga tauhan na habulin ang tumakas na si Matabagka. Gamit ang kaniyang kapangyarihan ng hangin, pinigil ni Imbununga ang paglipad ng sulinday. Bumagsak ito sa dalampasigan, sakay si Matabagka.

Nahabol ng mga sundalo ni Imbununga si Matabagka. Subalit napakahusay makipaglaban ni Matabagka na napatay niya ang marami sa mga sundalo. Nahihirapan ang mga sundalong makipaglaban sa kaniya, lalo na dahil iniutos ni Imbununga sa kanilang huwag siyang sugatan. Tumagal ang labanan ng maraming araw.

Nakarating ang ingay ng labanan sa mga sundalo ni Agyu, na napadaan sa dalampasigan. Sumugod ang mga sundalo at tinulungan nilang makatakas si Matabagka. Dumiretso siya sa Nalandangan.

Natuwa si Agyu na makita si Matabagka. Sa pagkapagod, ni hindi makaakyat ang babaeng kapatid sa hagdan paakyat ng kanilang bahay. Agad siyang inalagaan ng mga manggagamot, at binigyan ng nganga na may kakayahang magbalik ng lakas ng sinumang ngumuya nito. Ikinuwento ni Matabagka kay Agyu ang lahat ng nangyari, lalong-lalo na ang pag-aalala sa kaniya ni Imbununga at ang utos ng diyos sa kaniyang mga sundalong huwag siyang sasaktan.

Naisip ni Agyu na tapusin na ang laban, at makipag-usap kay Imbununga. Nagpunta siya sa dalampasigan, at hinarap niya nang mapayapa ang diyos ng hangin. Pumayag si Imbununga na wakasan na ang digmaan kung malalaman lang niya ang nagnakaw ng kaniyang taklubu at baklaw.

Ikinuwento ni Agyu ang lahat, mula sa babalang natanggap niya hanggang sa ginawang pagnanakaw ni Matabagka.

Ngumiti nang malaki si Imbununga, at nagpahayag ng paghanga sa katapangan ni Matabagka. Subalit napawi ang ngiting ito nang makita niya ang napakaraming namatay dahil sa digmaan. Sinabi ni Agyu na kayang ibalik ni Matabagka ang lahat ng pumanaw. Dahil dito, ipinatawag ang bayaning babae, at iniutos na bitbitin rin ang taklubu at baklaw.

Nang makarating sa dalampasigan, ibinalik ni Matabagka ang taklubu at baklaw sa diyos ng hangin. Iwinasiwas ni Imbununga ang taklubu, at umihip ang isang napakalakas na ipuipo sa mga naglalabang sundalo. Nanghina ang

mga sundalo dahil sa malakas na hangin, kung kaya't natigil silang lahat sa pakikidigma.

Nang matapos ang digmaan, isa-isang nilapitan ni Matabagka ang katawan ng mga pumanaw. Sinubuan niya ng isang ngangang nakapagbibigay ng buhay ang bawat isa sa mga patay. Nawala ang mga sugat ng mga ito; at ilang saglit pa, muli silang nakahinga, at muli silang nabuhay.

Pumunta ang lahat ng mga sundalo—kay Agyu at kay Imbununga—sa Nalandangan. Nagdaos sila ng pista upang ipagdiwang ang pagsasanib ng puwersa ng bayani ng Bukidnon at ng diyos ng hangin... na hindi magiging posible kung hindi dahil sa katapangan ng babaeng bayaning si Matabagka.

**Pagpapayaman**

*Talakayan*
Tatalakayin ng klase ang binasang epiko. Maaaring gamiting gabay sa talakayan ang sumusunod na tanong:

1. Ilarawan si Matabagka. Bukod sa kaniyang kasarian, paano siya naging iba sa naunang bayani ng epiko na nabasa mo, si Aliguyon?
2. May naging epekto kaya ang pagiging babae ni Matabagka sa kaniyang mga ikinilos, pati na sa naging daloy ng kuwento?
3. Ano ang kaibahan ni Matabagka sa ibang babaeng superhero na kilala mo?
4. Sa iyong palagay, paano nasasalamin ni Matabagka ang kalagayan ng mga kababaihan sa Bukidnon noong katutubong panahon?
5. Ano ang mapapansin mong pagkakapareho o pagkakaiba sa pagwawakas ng Hudhud ni Aliguyon at ng epiko ni Matabagka? Bakit kaya ito ang napiling wakas ng mga mananalaysay?

*Malikhaing Gawain*
Gamit si Matabagka bilang bida, mag-isip at sumulat ng isang kuwento na nagpapakita ng isang bago niyang pakikipagsapalaran. Siguruhing gamitin ang mga mahiwagang mga gamit na ipinakita sa epikong iyong binasa.

**Panitikan**

**Si Tuwaang at ang Dalaga ng Buhong na Langit**
*Isang Buod ng Epiko ng mga Bagobo*

Sa Kaharian ng Kuaman, may isang lalaking nagngangalang Tuwaang. Tinawag niya ang kaniyang kapatid na si Bai.

Lumapit si Bai, at ito ay nagdala ng nganga. Ang magkapatid ay ngumuya ng nganga. Sinabi ni Tuwaang na may dalang mensahe ang hangin na

pinapapunta siya sa kaharian ni Batooy. May dalagang dumating sa kaharian ngunit hindi nakikipag-usap sa mga kalalakihan doon, kaya pinatawag ng isa sa mga kalalakihan ang hangin para ipatawag si Tuwaang.

Hindi pumayag si Bai sa gagawing paglalakbay ni Tuwaang. Kinakabahan si Bai sa maaaring mangyayaring masama kay Tuwaang. Pero hindi nakinig si Tuwaang sa sinabi ni Bai. Agad-agad na naghanda si Tuwaang at isinuot ang kaniyang mga sandata. Kinuha niya ang kaniyang sibat at kalasag at tinawag ang kidlat upang dalhin siya sa lugar ng Pinanggayungan.

Pagkarating doon ay bumisita siya sa bahay ng Binata ng Pangavukad. Sinamahan siya ng binata ng Pangavukad sa kaniyang paglalakbay.

Sila'y nakarating sa tahanan ni Batooy. Humiga si Tuwaang sa tabi ng dalagang nagbalita sa kaniya at kaagad na nakatulog. Bumunot ang dalaga ng isang buhok ni Tuwaang na nakalawit. Nagsalita ang dalaga at nakilala na nila ang isa't isa.

Ang dalaga ay ang Dalaga ng Buhong na Langit. Tumakas siya at nagtatago mula sa Binata ng Pangumanon, isang higante na may palamuti sa ulo na abot ang mga ulap. Gusto siyang pakasalan ng binata ngunit tinanggihan niya ang alok nito.

Nagalit ang binata at sinunog ang bayan ng dalaga. Sinundan niya ang dalaga saan man siya mapadpad at sinunog niya ang mga bayan na pinagtataguan ng dalaga, kaya naghanap ang dalaga ng pagtataguan sa mundong ito.

Pagkatapos magkuwento ang dalaga kay Tuwaang, dumating bigla ang Binata ng Pangumanon, balot ng apoy, at pinagpapatay niya ang mga tao sa kaharian ni Batooy.

Naglaban si Tuwaang at ang Binata ng Pangumanon gamit ang kanilang mga sandata. Ngunit magkasinlakas silang dalawa, at nasira ang kanilang mga sandata. Tinawag ng Binata ng Pangumanon ang kaniyang patung, isang mahabang bakal. Ito'y kaniyang ibinato at pumulupot kay Tuwaang. Lumiyab ito ngunit itinaas ni Tuwaang ang kaniyang kanang bisig at namatay ang apoy. Tinawag ni Tuwaang ang kaniyang patung at ibinato sa binata. Lumiyab ito at namatay ang binata. Pagkatapos ng labanan ay binuhay niya ang mga namatay na tauhan gamit ng kaniyang laway. Dinala niya ang dalaga sa kaniyang bayan sakay ng kidlat.

Ikinuwento ng Gungutan na nakita niya sa kaniyang panaginip na darating si Tuwaang sa Kawkawangan. Inalok naman ni Tuwaang ang Gungutan na sumama sa paglalakbay niya; tinanggap naman ito ng Gungutan. Tumuloy na sila sa paglalakbay.

Nakarating si Tuwaang at ang Gungutan sa kasal. Dumating ang Binata ng Panayangan, na nakaupo sa gintong upuan. Dumating rin ang Binata ng Liwanon, ang Binata ng Pagsikat ng Araw, at ang Binata ng Sakadna, ang

ikakasal na lalaki, at kaniyang 100 pang tagasunod. Nakiusap ang Binata ng Sakadna na linisin ang mga kalat sa kasal (o mga hindi imbitado/kailangang bisita) ngunit sinagot naman siya ni Tuwaang na may pulang dahon (mga bayani) sa okasyon.

Nagsimula ang mga unang seremonya ng kasal. Binayaran ng mga kamag-anak ang mga savakan (mga bagay para sa babaeng ikakasal at mga nakabalot na pagkain na inaalay ng mga kamag-anak ng lalaking ikakasal) ng babaeng ikakasal, hanggang may naiwang dalawang hindi mabayaran. Umamin ang Binata ng Sakadna na hindi niya kayang bayaran ang dalawang bagay, pero tinulungan siya ni Tuwaang gamit ng paglikha ng isang sinaunang gong bilang kapalit sa unang bagay at gintong gitara at gintong bansi (o gintong plawta) sa pangalawang bagay. Lumabas ang Dalaga ng Monawon, ang dalagang ikakasal para magbigay ng nganga sa lahat ng bisita.


Pagkatapos niyang bigyan ang lahat ng panauhin ng nganga, umupo siya sa tabi ni Tuwaang. Nagalit ang Binata ng Sakadna. Hinamon ng binata si Tuwaang sa labas ng bahay. Ang Gungutan, samantala ay nakapatay na ng mga kasama ng binata hanggang sa anim na lang ang natira. Nagkipaglaban ang dalawa sa anim na kalaban hanggang ang natira na lamang ay si Tuwaang at ang Binata ng Sakadna.

Binato nang napakalakas ni Tuwaang ang binata at lumubog siya sa lupa at nakita niya ang isa sa mga tagapagbantay ng mundong ilalim. Bumalik agad sa mundo ang binata at itinapon naman si Tuwaang sa mundong ilalim, kung saan nakita rin ang tagapagbantay rito. Nalaman ni Tuwaang ang kahinaan ng binata, at pagkalabas niya roon, kinuha ang gintong plawta na nagtataglay ng buhay ng binata. Dahil mas ginusto ng binata na mamatay kaysa mapabilang sa kampon ni Tuwaang, sinira ni Tuwaang ang plawta at ang binata ay unti-unting namatay.

Inuwi ni Tuwaang ang dalaga sa Kuaman kung saan siya ay naghari habambuhay.

## Pagpapayaman

1. Isa sa mga katangiang taglay ng epiko ay ang pagkakaroon nito ng mga pangyayaring may kababalaghan. Isa-isahin ang mga kababalaghang nakapaloob sa binasang epiko. Pagkatapos, sagutin mo ang tanong: “Sa iyong palagay, paano nakatulong ang nasabing kababalaghan upang makilala ang mga tauhan?” Gamitin mo ang dayagram sa iyong pagsagot. Gawin sa papel. Gayahin ang pormat.





Para sa akin, nakatulong ang mga kababalaghan sa epiko sa pagkilala ng mga tauhan sapagkat ____________________________________________________________
____________________________________________________________

2. Suriin mong mabuti ang pangunahing tauhan. Batay sa mga detalye at pangyayaring nakapaloob sa epiko, bumuo ka ng *Character Profile* tungkol sa pangunahing tauhan .


| | |
|---|---|
| Pangalan:____________________________ | Edad: ________________________ |
| Tirahan: ____________________________ | Hilig: ________________________ |
| Katangian:__________________________ | Kakayahan: ___________________ |
| Pangarap: ___________________________ | Misyon: ______________________ |

Naunawaan mo na ba kung bakit itinuturing na bayani sa kani-kanilang pook ang pangunahing tauhan sa epiko? Katanggap-tanggap bang maituturing ang katangiang taglay ng pangunahing tauhan upang kilalanin siya bilang bayani? Ang susunod na gawain ay makatutulong sa iyo upang maging ganap ang iyong pag-unawa sa kabayanihan ng bawat pangunahing tauhan sa epiko.

3. Bumasa ka ng isa pang halimbawa ng epiko. Suriin mo ang katangian ng pangunahing tauhan. Pagkatapos, gumawa ka ng paghahambing sa mga pangunahing tauhan ng epikong iyong binasa at epikong "Tuwaang*". Gumamit ng Venn Diagram.* Gayahin ang pormat sa papel at doon isulat ang sagot.




4. Ano ang mga pangyayari na nagpapatunay na ang akdang binasa ay epiko ng mga Bagobo? Isa-isahin ito.




**Pangwakas na Pagtataya**

**Portfolio**

Balikan ang mga ginawa mong tula, drowing, at kuwento sa markahang ito. Maaari mong paghusayin pa at rebisahin ang mga nilikha mo. Pumili ng sa tingin mo ay limang pinakamaganda mong nagawa, at tipunin ito sa isang *folder* o *envelope*. Ito ang magsisilbing *portfolio* mo para sa markahang ito.

**Isang Pagninilay na Papel**

Gumawa ng isang mahabang sanaysay na pinagkukumpara ang ating katutubong kultura at ang kulturang kinamihasnan mo sa kasalukuyan. Maaaring gawing angkla para sa sanaysay na ito ang mga isyu katulad ng:

- Ang paniniwala na naging sibilisado lamang ang Filipinas nang sakupin ng mga dayuhan.
- Ang pananaw na walang orihinal na mga ideya ang mga Filipino at madalas lamang tayong manggaya dahil wala tayong kulturang hindi hiram.

Hinihikayat kang gamitin ang mga napag-aralan mo sa markahang ito. Mainam kung tutukuyin mo ang ilang mga akda bilang halimbawa o patunay sa mga punto na isasama mo sa gagawin mong sanaysay.

**PANITIKAN SA PANAHON NG ESPANYOL**

**Mga Aralin**

- Panimulang Pagtataya
- Tula
  -*Santa Cruz* ni Fray Francisco de San Jose
- Ang Pasyon
  -Sipi mula sa *Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin* ni Gaspar Aquino de Belen
- Panitikang Rebolusyunaryo
  -*Pag-ibig sa Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio
  -*Pahayag* ni Emilio Jacinto

**Panimulang Pagtataya**

Simulan ang pag-aaral sa panitikan sa panahon ng Espanyol sa pamamagitan ng KWHL *chart*.

| | |
|---|---|
| K<br>Ano ang alam mo na?<br>(What do you know?) | |
| W<br>Ano ang nais mong malaman?<br>(What do you want to find out?) | |
| H<br>Paano mo makikita ang nais mong maunawaan?<br>(How can you find out what you want to learn?) | |
| L<br>Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan?<br>(What did you learn?) | |

**Kaligirang Pangkasaysayan**

Ang mahigit na tatlong daang taong pananakop at paniniil ng mga Espanyol sa ating bansa ang sanhi ng unti-unting pagkakabuo at paglaganap ng damdaming makabayan sa mga Filipino. Nagkaroon ng mga bagong kilusan sa politika at panitikan sa Filipinas. Ang dating diwang makarelihiyon ay napalitan ng damdaming mapanghimagsik. Ang naging paksa ng panitikan sa panahong ito ay pawang pagtuligsa sa pamahalaan at simbahan, at pag-udyok sa mga Filipino na magising at magkaisa upang matamo ang minimithing kalayaan.

**Tula**
Isa sa mga pangunahing gawain ng mga misyonero noong panahon ng Espanyol ay ang likumin at itala ang mga panitikang bayan sa Filipinas. Sa Nueva Gramatica Tagalog na isinulat ni Fray Joaquin de Coria noong 1872 ay nailista niya ang sumusunod na halimbawa ng tula: diona, oyayi, talingdao, dalit, at tanaga. Mahilig rin ang mga Filipino sa dalit at awit. Ginamit ng mga mananakop ang panitikan bayang ito bilang lunsaran ng mga ideyang relihiyoso. Isang halimbawa ay ang unang tulang nailimbag sa Filipinas, ang "Santa Cruz" na isinulat ni Fray Francisco de San Jose.

**Panitikan**

**Santa Cruz**
*Fray Francisco de San Jose*

O Diyablong manunuboc
ang dilang aral mo,y, buctot,
houag cang sumumoc sumoc,
cami'y hindi natatakot,

At ang aming tinotongcod
ang sandatang Santa Cruz,
pinagpacoan cay Jesus,
(na sa tauo, ay tumubos.)

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

a. Batay sa natutuhan ninyo sa mga naunang aralin, ano ang tugma at sukat ng tula (dapat ay bigkasing "kurus" ang Cruz, dahil ganito ito binibigkas noong panahong iyon?)
b. Bakit kaya isinulat gamit ang malaking titik ang mga salitang "Diyablo," "Santa Cruz," at "Jesus"?
c. Ano ang sinasagisag ng Santa Cruz?

**Alam Ba Ninyo?**
Sa karamihan ng mga akda noong panahon ng Espanyol ay may tunggalian sa pagitan ng Kasamaan at Kabutihan. Napakalat ang ideya na ang panahon bago dumating ang mga mananakop ay siyang panahon ng Kasamaan, at panahon ng Kabutihan naman ang kanilang pagdating.

**Ang Pasyon**
Sa pamamagitan ng panitikan napalaganap ng mga mananakop ang bokabularyong panrelihiyon. Tulad ng tulang binasa ninyo ni Fray Francisco de San Jose, relihiyoso ang tema ng pasyon. Ang Pasyon ay isang naratibong tula tungkol sa buhay ni Kristo, mula kapanganakan, hanggang

kamatayan, hanggang sa muli nitong pagkabuhay. Bawat saknong ng Pasyon ay may limang linya. Bawat linya ay may walong pantig. Inaawit ang Pasyon tuwing Mahal na Araw.

Ang unang pasyong isinulat sa Tagalog ay pinamagatang Ang Mahal na Pasión ni Jesu Christong Panginoon Natin na Tula. Isinulat ito ni Padre Gaspar Aquino de Belen. Nasa ibaba ang isang sipi mula sa naturang Pasyon.

**Panitikan**

**Sipi mula sa *Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin***
*ni Padre Gaspar Aquino de Belen*

I 1 Dito, quita minamahal,
2 nang sariling palalayao,
3 icao an ibig cong tunay,
4 di co pinagsasauaan
5 nang sinta cong ualan tahan.

II 1 Dito, quita pinipita
2 nang boong palalasinta,
3 yaring monti cong anyaya
4 tangap din magdalita ca,t,
5 paeundanganan ang Ina.

III 1 Dito, quita quinocosa
2 nang anyaya cong daquila,
3 tapat na pagcacalinga,
4 cun icao bongso,y, mauala
5 sa aba co, ayang aba.

IV 1 Di na aco magbalata
2 at icao na ang bahala
3 ay Inang caauaaua,y,
4 sa lalaot manding guitna
5 binabagyong ualan tila.

V 1 Dito quita nililiyag
2 nang sisnta cong ualan licat,
3 aco mandi nababagbag
4 dilan casam-an nang palad,
5 longmagmac sa aquing lahat.

VI 1 Dito, quita quinacasi
2 nang budhing di masasabi,
3 di co maobos an dili,
4 niring lumbay cong malaqui
5 pagsira nang iyong puri.

VII Dito, quita binabati
nang yoco,t, malaquing bunyi
yaring hapis co,y, maioli
ang Anac quita man ngani
Dios cari,t, Poong Hari.

VIII Dito, quita iniibig
nang sinta kong ualan patid,
yaring aquing pananangis
icao ang linao nang langit
baguin ngayo,y, pauang dongis.

IX Dito, quita guinigiliu
nang di daya cundi galing,
na aco,y, iyong alipin
cun tauagin mong Inahin,
camatayan co mang dinguin.

X Dito aco napaa aco,
napatatauag Ina mo,
bongso aco,y, paaano?
saan aco magtototo,
un maolila sa iyo?

XI Dito, quita sinosoyo
pinacaaamoamo,
icao ma,y, di nalililo,
tonghi ang luha cong lalo
dogong nagmola sa poso.

XII Dito, quita iniirog
nang panininta,t, pagsonod,
magpasobali cang loob
mabalino ca,t, pasahot,
sa sosong iyong inot-ot.

XIII o lagda nang manga Santos
Anac co,t, Anac nang Dios,
icao bagay aling boctot
aling salaring poyapos
ipapaco ca sa Cruz?

XIV Dito, quita iguinagalang
ang malaquing pagdarangal,
di co na bongso dagdagan
sucat na ang iyong ngalan
turan co,t, ipanambitan.

XV Yaring aquing munting habag,
sa bolinya na narapat
ay di nga bongso salam at,
cun tinatangap mong lahat
na loob mo,y, sinosucat.

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Nagpapahayag ng matinding pag-ibig si Maria para sa kaniyang anak ang siping ito. Aling mga salita ang nagpapahayag ng lubos-lubos na damdamin?
2. Ano ang epekto ng pag-uulit ng “dito” sa simula ng karamihan sa mga saknong?
3. Ayon kay Almario (2006), katangian ng panitikan noong panahong ito ang pagsulong ng “labis na pamimighati at kirot ng kawalang pag-asa.” Batay sa pag-aaral ninyo sa panahon ng mga Espanyol, bakit kaya ito ang damdamin ng mga akda noon?

*Gawain: Pagsusuri sa Tradisyon ng Pasyon*

Bumuo ng mga pangkat ng 5 hanggang 8 miyembro. Bawat pangkat ay maghahanap ng kopya ng Pasyon ng inaawit sa inyong bayan tuwing Mahal na Araw.  Ikompara ito sa Pasyon ni Gaspar Aquino de Belen. Ano ang nagbago sa tradisyon ng Pasyon mula noong panahon ng Espanyol hanggang sa kasalukuyan? May nagbago ba sa teksto o paraan ng pag-awit nito? Ano ang dahilan ng mga pagbabagong ito? Pinapahalagahan pa ba ng mga Filipino ang tradisyong ito? Mag-uulat ang bawat grupo tungkol sa mga sagot ninyo sa mga katanungang ito.

**Panitikang Rebolusyunaryo**

Hindi lang relihiyoso ang naging paksa ng panitikan sa panahong ito. Dahil sa pang-aapi ng mga Espanyol sa mga Filipino, di nagtagal ay nagpahayag ng pagtuligsa ang mga manunulat. Pangunahin dito ang mga bayani tulad nina Andres Bonifacio, Marcelo del Pilar, at Emilio Jacinto.

Sa akda ng mga katipunero ay mababatid ang pagnanasa ng ating mga ninuno na matamo ng tinubuang bayan ang tunay na kalayaan. Sa akda rin nila malalaman ang uri ng lipunan noong panahon ng pananakop: pagmamalabis, pang-aalipin at pagyurak sa pagkatao ng mga Filipino. Kaya naman karaniwan sa anumang panitikang rebolusyunaryo na may pagpapahayag ng kasawian, pati na rin ng pagnanais na lumayang muli.

**Panimulang Gawain: Bayanitikan**

Ang mga nasa larawan ay ilan lamang sa mga bayaning Filipino na nagpahayag ng damdamin sa kani-kanilang panulat. Basahin at unawain ang bawat saknong. Isulat sa sagutang papel ang letra na tutugon sa angkop na akda ng nakalarawang manunulat.

| A | B |
|---|---|
| <br>Jose P. Rizal | Idalanging lahat yaong nangamatay,<br>nangagtiim hirap na walang kapantay;<br>mga ina naming walang kapalaran<br>na inihihibik ay kapighatian.<br><br>- **mula sa Huling Pahimakas** |
| <br>Emilio Jacinto | "Sa cadaquilaang ito, sino kaya sa mundo ang sa caniya'y macacahuad? Huwag na ang sa gawang lumicha, huag na sa pagdudulot ng buhay at kaligayahan, may puso caya baga sa lupang pagmamahal? May puso caya baga sa lupang macapamumuhunan nang buong pag-irog sa iyo cahit sucat nang wala cang igaganti cundi catampalasan?<br><br>- **mula sa Ang Cadaquilaan nang Dios** |
| <br>Marcelo H. Del Pilar | Pagpilitan mo ang kasarinlan ng iyong bayan, sapagkat ikaw lamang ang tunay na nakapagmamalasakit sa kanyang kadakilaan at ikatatanghal, palibhasa'y ang kanyang pagdakila ang magdadala sa iyo ng lahat mong kailangan at ang kanyang pagtatanghal ang siya mong kabantugan at kabuhayang walang hanggan.<br><br>- **Ang Tunay na Sampung Utos ng Diyos** |
| <br>Graciano Lopez Jaena | "Pinupuri ko sila. Sila'y kabataang may pagkakaisa at paninidigan. Dapat silang magsimula: ang kanilang pagtutol ay makatawag na ng pansin.<br><br>- **mula sa Fray Botod** |

| | |
|---|---|
|  Apolinario Mabini | Inaalo ng ina ang anak, idinuyan sa mga bisig at wari bagang ibig bigyan ng lakas ang yayat na katawan niyon na halos takasan na ng buhay.<br><br>- **mula sa Impresiones** |
| | Paalam na, Ina, itong Pilipinas,<br>Paalam na, Ina, itong nasa hirap,<br>Paalam, paalam, Inang walang habag,<br>Paalam na ngayon, katapusang tawag.<br><br>**- sa Katapusang Hibik ng Pilipinas** |

**Ang Pag-Ibig ni Andres Bonifacio**
Isa si Andres Bonifacio sa mga bayaning ipinahayag ang kaniyang masidhing pag-ibig para sa bayan sa pamamagitan ng panulat. Anong alam mo sa buhay ng Supremo? Paanong naimpluwensiyahan ng kaniyang mga karanasan ang damdamin ng akdang ito?

**Talasalitaan**
Upang higit mong maunawaan ang tula, bigyang-kahulugan ang ilang mahihirap na salitang ginamit ng may akda. Hanapin ang kahulugan ng mga ito sa loob ng kahon, at isulat sa sagutang papel ang letra ng wastong sagot. Pagkatapos ay gamitin ang mga salitang ito sa pagbuo ng isang talata na may kaugnayan sa tula, pagkatapos mong magbasa. Gawin sa isang buong papel.

| | |
|---|---|
| 1. isinisiwalat<br>2. sakbibi<br>3. itigis<br>4. tatalikdan<br>5. lumiyag | a. itapon<br>b. tatalikuran<br>c. inilabas<br>d. kaligayahan<br>e. umibig<br>f. matinding kalungkutan |

**Panitikan**

**Pag-ibig sa Tinubuang Lupa**
*Andres Bonifacio*

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
sa pagkadalisay at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa tinub'ang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Ulit-ulitin mang basahin ng isip
At isa-isahing talastasang pilit
Ang salita't buhay na limbag at titik
Ng sangkatauhan ito'y namamasid.

Banal na pag-ibig! Pag ikaw ay nukal
Sa tapat na puso ng sino't alinman,
Imbi't taong-gubat, maralita't mangmang,
Nagiging dakila at iginagalang.

Pagpupuring lubos ang palaging hangad
Sa bayan ng taong may dangal na ingat;
Umawit, tumula, kumatha't sumulat,
Kalakhan din niya'y isinisiwalat.

Walang mahalagang hindi inihandog
ng may pusong mahal sa Bayang nagkupkop;
Dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod,
Buhay ma'y abuting magkalagut-lagot.

Bakit? Alin ito na sakdal laki,
na hinahandugan ng buong pagkasi,
Na sa lalong mahal nakapangyayari,
At ginugugulan ng buhay na iwi?

Ay! Ito'y ang Inang Bayang tinubuan,
Siya'y ina't tangi sa kinamulatan
Ng kawili-wiling liwanag ng araw
Na nagbigay-init sa lunong katawan.

Sa kaniya'y utang ang unang pagtanggap
Ng simoy ng hanging nagbibigay lunas
Sa inis ng puso na sisinghap-singhap
Sa balong malalim ng siphayo't hirap.

Kalakip din nito'y pag-ibig sa Bayan,
Ang lahat ng lalong sa gunita'y mahal
Mula sa masaya't gasong kasanggulan
Hanggang sa katawa'y mapasalibingan.

Ang nangakaraang panahon ng aliw,
Ang inaasahang araw na darating
ng pagkatimawa ng mga alipin
Liban pa sa Bayan saan tatanghalin?

At ang balang kahoy at ang balang sanga
Ng parang n'ya't gubat na kaaya-aya,
Sukat ang makita't sasaalaala
Ang ina't ang giliw, lumipas na saya.

Tubig n'yang malinaw an anaki'y bubog,
Bukal sa batisang nagkalat sa bundok,
Malambot na huni ng matuling agos,
Na nakaaaliw sa pusong may lungkot.

Sa aba ng abang mawalay sa Bayan!
Gunita ma'y laging sakbibi ng lumbay,
Walang alaala't inaasam-asam
Kundi ang makita'y lupang tinubuan.

Pati ng magdusa't sampung kamatayan
Wari ay masarap kung dahil sa bayan
At lalong mahirap. Oh, himalang bagay!
Lalong pag-irog pa ang sa kanya'y alay.

Kung ang bayang ito'y masasapanganib
At siya ay dapat na ipagtangkilik,
Ang anak, asawa, magulang, kapatid;
Isang tawag niya'y tatalikdang pilit.

Dapwat kung ang bayan ng Katagalugan
Ay linapastangan at niyuyurakan
Katuwiran, puri niya't kamahalan
Ng sama ng lilong taga-ibang bayan

Di gaano kaya ang paghihinagpis
Ng pusong Tagalog sa puring nilait
Aling kalooban na lalong tahimik
Ang di pupukawin sa paghihimagsik?

Saan magbubuhat ang paghinay-hinay
Sa paghihiganti't gumugol ng buhay
Kung wala ding iba na kasasadlakan
Kundi ang lugami sa kaalipinan?

Kung ang pagkabaon n'ya't pagkabusabos
Sa lusak ng daya't tunay na pag-ayop,
Supil ng panghampas, tanikalang gapos

At luha na lamang ang pinaaagos?

Sa kaniyang anyo'y sino ang tutunghay
Na di aakayin sa gawang magdamdam?
Pusong naglilipak sa pagkasukaban
Ang hindi gumugol ng dugo at buhay.

Mangyayari kaya na ito'y malangap
Ng mga Tagalog at hindi lumingap
Sa naghihingalong !nang nasa yapak
Na kasuklam-suklam sa Kastilang hamak?

Nasaan ang dangal ng mga Tagalog?
Nasaan ang dugong dapat na ibuhos?
Baya'y inaapi, bakit di kumilos
At natitilihang ito'y mapanood?

Hayo na nga kayo, kayong nangabuhay
Sa pag-asang lubos na kaginhawahan
At walang tinamo kundi kapaitan
Hayo na't ibigin ang naabang Bayan.

Kayong natuyan na sa kapapasakit
Ng dakilang hangad sa batis ng dibdib,
MuIing pabalungi't tunay na pag-ibig
Kusang ibulalas sa Bayang piniit.

Kayong nalagasan ng bunga't bulaklak,
Kahoy n'yaring buhay na nilanta't sukat
Ng bala-balaki't makapal na hirap,
MuIing manariwa't sa Baya'y lumiyag.

Kayong mga pusong kusang niyurakan
Ng daya at bagsik ng ganid na asal,
Ngayon ay magbango't Baya'y itangkakal,
Agawin sa kuko ng mga sukaban.

Kayong mga dukhang walang tanging palad
Kundi ang mabuhay sa dalita't hirap,
Ampunin ang Bayan kung nasa ay lunas
Pagkat ang ginhawa niya ay sa lahat.

Ipaghandog-handog ang buong pag-ibig,
Hanggang sa may dugo'y ubusing itigis,
Kung sa pagtatanggol, buhay ay mapatid
Ito'y kapalaran at tunay na langit.

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Paanong inilarawan ni Bonifacio ang pag-ibig niya sa bayan?
2. Saan maaaring ihambing ang pag-ibig na nadarama ng may-akda para sa kaniyang bayan? Ipaliwanag. Iguhit din ang maaaring sumagisag sa pag-ibig na ito.
   a. Maghanap ng isang tula sa kasalukuyang panahon na pag-ibig sa bayan ang paksa. Sipiin mo ito at ihambing sa tulang isinulat ni Bonifacio.

*Gawain: Pananaliksik*

Magsaliksik tungkol sa iba pang panitikang rebolusyunaryo. Anong mga pinangarap ng mga Katipunero para sa ating tinubuang lupa? May pinagkaiba ba ang halagahan ng Katipunan sa halagahan ng mga Kristiyano?

**Panitikan**

**Pahayag**

*Emilio Jacinto*

Isa iyong gabing madilim.

Wala isa mang bituing nakatanglaw sa madilim na langit ng kagimbal-gimbal na gabing iyon.

Ang tahanang katatagpuan sa naturang kabataan ay natatanglawan ng isang tinghoy, na kukurap-kurap at ang liwanag ay nanganganib nang kusang panawan ng búhay.

Sa yugtong halos isuko na ng kabataan ang sarili sa matinding poot at sa pag-iisip na kahila-hilakbot at palagiang gumigiyagis sa kaniyang puso, na waring nakabaón sa kaibuturan ngunit sapilitan nang ibinubulalas ng dibdib, sa yugtong ito niya naramdaman ang isang mabining haplos sa isa niyang balikat at naulinigan ang isang mahinàng tinig, matamis at malungkot, na nag-uusisa:

"Bakit ka lumuluha? Anong kirot o dalita ang dumudurog sa iyong puso at yumuyurak at humahamak sa iyong kabataan at lakas?"

Nag-angat siya ng ulo at natigib sa panggigilalas: may kapíling siyá at halos apat na hakbang ang lapit, at nabanaagan niya ang isang anino na waring nababálot ng maputîng ulap ang kabuuan.

"Ay, mahabaging anino! Ang mga pighati ko'y walang lunas, walang katighawan.

Maaaring kung isiwalat ko sa iyo ay sabihin mo o isipin mong walang anumang halaga. Bakit kailangan mong lumitaw ngayon upang antalahin ang aking paghibik?"

"Hanggang kailan," sagot ng anino, "ang kamangmangan at ang katunggakan ay magiging sanhi ng mga hirap at pasakit ng mga tao at ng mga bayan?”

"Hanggang kailan kayó makasusunod magbangon pabalikwas mula sa kabulagan ng pag-unawa tungo sa tugatog ng katwiran at adhika? Hanggang kailan ninyo ako hindi makikilála at hanggang kailan kayo magtitiwalang umasa na kahit wala sa aking píling ay maaaring matamo ang tunay at wagas na ligaya tungo sa kapayapaan ng sangkalupaan?"

"Sino ka samakatwid na nagmamay-ari ng kagila-gilalas na kapangyarihan at kahanga-hangang lumitaw at nag-aalay?"

"Ay, sa abá ko! Diyata't hindi mo pa ako nakikilala hanggang ngayon? Ngunit hindi ako magtataka, sapagkat mahigit nang tatlong daang taon magmula nang dalawin ko ang tinatahanan mong lupain at kusain ng iyong mga kababayan na sumampalataya sa mga huwad na idolo ng relihiyon at ng mga tao, ng mga kapuwa mo nilikha, at kung kaya naglahò sa inyong mga gunita ang pagkakilala sa akin ...”

"Nais mo bang malaman kung sino ako? Kung gayo'y makinig: Ako ay ang simula ng mga bagay na higit na dakila, higit na maganda at higit na kapuri-puri, marangal at iniingatan, na maaaring matamo ng sangkatauhan. Nang dahil sa akin ay nalaglag ang mga ulong may korona; nang dahil sa akin ay nawasak ang mga trono at napalitan at nadurog ang mga koronang ginto; nang dahil sa aking adhikain ay nabigo at namatay ang sigâ ng Santa Ingkisisyon na ginamit ng mga fraile para busabusin ang libo at libong mamamayan; nang dahil sa adhikain ko'y napagkakaisa ang mga tao at kinalilimutan ng bawat isa ang pansariling pakinabang at walang nakikíta kundi ang higit na kabutihan ng lahat; nang dahil sa akin ay natimawa ang mga alipin at nahango mula sa lusak ng pagkalugami at kalapastanganan; at napugto ang kayabangan at kayamuan ng kanilang mababangis na panginoon; kailangan ako sa bawat naisin at lasapin ng mga bayan at sa ilalim ng aking kalinga ay may ginhawa at biyaya at kasaganaan ang lahat, katulad ng idinulot ko sa Hapon, Amerika, at ibang pook; nang dahil sa akin ay umiimbulog ang diwa upang siyasatin at tuklasin ang mga hiwaga ng siyensiya, saanmang pinaghaharian ko ay napaparam ang mga pighati at nakasisinghap nang daglian ang dibdib na nalulunod sa pang-aalipin at kabangisan. Ang pangalan ko ay KALAYAAN."

Nagulilat at naumid ang kabataan pagkarinig nitó at pagkaraan ng ilang saglit ay saka nakapangusap:

"Sapagkat ang mga kabutihan at biyaya mo ay walang kapantay, o kataas-taasang Kalayaan! Papawiin ko ang pighati na nagpapabalong ng labis-labis na luha sa aking mga mata, na ang sanhi ay hindi naiiba sa mga pagdaralita ng aking lupang sinilangan. Kung mapagmamasdan mo ang mga alipusta, mga pangangailangan, mga kautusang dapat tiisin at pagdusahan ng aking bayan ay matitiyak na tutubuan ka ng awa at muling kakalingain sa iyong magiliw at di-mapag-imbot ngunit kinakailangang pangangalaga. Ay, ihihibik ng aking mga kapatid!

“Ako,”  sabi nila, “ay nagugútom,” at siyang nagturo sa akin na pakainin ang nagugutom ay tumugon: “Kainin ang mga labí at mga mumo sa aming masaganang mga piging, sa aming mariwasang hapag:

"Sabi ng aking mga kapatid: “Ako'y nauuhaw,” at siyang nagturo sa akin na painumin ang nauuhaw ay tumugon: “Lagukin ang inyong mga luha at ang pawis, sapagkat dudulutan namin kayo ng sapat na kalinga nita:

"Hibik ng aking mga kapatid: 'Wala akong damit, ganap na akong hubad' at siyang nag-utos sa amin na damitan ang hubad ay tumugon: 'Ngayon di'y babalutin ko ang buong katawan ng patong-patong na mga tanikala:

"Sabi ng aking mga kapatid: 'Nahalay ang aking puri ng isang kura, ng isang Kastila, ng isang mariwasa,' at ang hukom na matibay na haligi ng hustisya ay tumutugon: 'Ang taong iyan ay tulisan, isang bandido at isang masamang tao: ikulong sa piitan!'

"Sasabihin ng aking mga kapatid: 'Kaunting awa at kaunting lingap,' at mabilisang tutugon ang mga maykapangyarihan at pinunong makatwiran at mabuting loob kung mamahala: 'Ang taong iyan ay filibustero, isang kaaway ng Diyos at ng Inang Espanya:
Dalhin sa Iligan!'

"Pansinin at pagmasdang mabuti, KALAYAAN; pagmasdan at pansinin kung dapat magdamdam ang aking puso at kung may sanhi ang pagluha ...'

"Dapat magdamdam at lumuha," tugon ni KALAYAAN sa himig na nangungutya at ginagagad ang mapaghimutok na paraan ng pagsasalita."Lumuha! Lumuha ay dapat kung ang may sugat ay walang dugong maitigis, kung ang mga sukab ay wala nang buhay na maaaring putulin, kung tinatanggap nang ang kawalanghiyaan at katampalasanan sa pagbitay kina Padre Burgos, Gomez, at Zamora, sa pagpapatapon kay Rizal, ay hindi nangangailangan ng makatwiran at maagap na paghihiganti, na maaaring mabuhay sa píling ng mga kaaway, at na may mga pagmamalabis na dapat pang ipagmakaawa ng katubusan. Lumuha sa sariling tahanan, sa katahimikan at kadiliman ng gabi, ay hindi ko maunawaan. Hindi ito ang nararapat para sa isang kabataan ... hindi ito ang nararapat."

"Ano ang nais, kung gayon, an ang dapat gawin? Kaming mga Tagalog ay naugali na sa ganoon. Sapol pa sa sinapupunan ng aming ina ay naturuan na kaming magdusa at magtiis sa lahat ng uri ng mga gawain, upasala, at pagkadusta. Ano ang higit na nararapat naming gawin bukod sa lumuha? Wala na kundi ito ang naugalian ng aming pagkukusa."

"Hindi lahat ng naugalian ay mabuti," paliwanag ni KALAYAAN, "may masasamang kahiligan at ang mga ito'y dapat iwaksi lagi ng mga tao."

Ibig sanang tumutol ng kabataan, ngunit hindi pa niya matiyak ang sasabihin at walang maapuhap na ipangungusap. Sa gayon ay nagpatuloy si KALAYAAN sa pagpapaliwanag.

"Ang ipinahayag ko sa iyo ay ang katotohanan. Walang kautusan na maaaring magpabagsak dito, sapagkat hindi maaaring ang wasto at tuwid ay maging kalaban ng wasto at tuwid, maliban kung ito ay binaluktot.

Samakatwid, makinig ka. Noong unang panahon, noong ang karuwagan at pagkaalipin ay hindi pa pumapalit sa magagandang naugalian ng iyong mga ninuno, nasa lilim ko ang bayang Tagalog at nasa ilalim ng aking pangangalaga, at siya ay maligaya at sinisimsim ang simoy na nagdudulot sa kaniya ng buhay at lakas ng katawan; tinatanglawan ng aking liwanag ang kaniyang pag-iisip at iginagalang siya ng mga kalapit bayan. Ngunit isang araw, na dapat ikarimarim at isumpa, dumating ang Pang-aalipin at nagpakilalang siya ang kagalingan, ang katwiran, at ang karampatan, at nangako ng luwalhati sa lahat ng sasampalataya sa kaniya.

"Dumating man siyang nakabihis ng balatkayo ng kagandahan at kabutihan, at mapayapa at magiliw sa kaniyang mga paggalaw at pagkilos, ay nakilala ko kung sino siya. Nabatid kong ang kaligayahan ng bayan ay nagwakas na; na ganap nang napako sa kaniya ang kapuspalad na bayan ... at inalayan siya ng mga kapatid ng papuri at halos pagsamba ... at ako ay nakalimutan at halos itakwil nang may pagkamuhi at...Umabot sa akin ang iyong mga hinagpis at natigib ako sa labis-labis na dalamhati at iyon ang dahilan ng aking pagparito. Ngayo'y dapat na akong umalis kaya't paalam na."

"Huwag muna, Kalayaan," pakiusap ng kabataan nang makita siyang tumalikod at nakahandang lumisan. "Pagbigyan mo muna ako ng kaunting panahon. Naipaliwanag mo ang mga pagmamalabis na pinagdusahan at tiniis ng aking bayan. Hindi mo ba sila maaaring kahabagan at ibalik sa iyong pangangalaga?"

"Unawain akong mabuti. Bagama't hindi mo nababanggit, walang ibang naririnig ang aking tainga at walang ibang nakikita ang aking mga mata, sapagkat iisa ang pinagbubuhusan at dinaramdam ng aking puso at kung kaya maagap akong dumadamay at humahanap sa mga naaapi at tuwing may naririnig na dumaraing. Ngunit walang tao na karapat-dapat sa aking pangangalaga at kalinga kung hindi siya pumipintuho sa akin at umiibig sa akin, at kung wala siyang kakayahang mamatay para sa aking adhika. Maaari mo itong ipahayag sa iyong mga kababayan o katinubuang lupa."

Halos katatapos wikain ito, noon lumamlam ang sinag ng tinghoy, na pakurap-kurap ang ningas dahil sa kawalan ng langis ...

Kinaumagahan, nang pawiin ng kaliwanagan ng araw ang mga lagim at karimlan ng gabi, may bagay na kumikislap sa mga mata ng kabataan na mistulang isang nagbabagang adhika.

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Balikan ang sariling karanasan, kailan ka nakaramdam ng isang malalim at tunay na ligaya? Totoo ba ang sinasabi ng tauhan sa kuwento? Ipaliwanag.
2. Ano kaya ang simbolo ng manunulat sa sumusunod na pahayag? Ipaliwanag.
    a. Sabi ng aking mga kapatid: “Ako’y nauuhaw,” at siyang nagturo sa akin na…”Lagukin ang inyong mga luha at pawis…”
    b. Hibik ng aking mga kapatid: “Wala akong damit, ganap na akong hubad” at siyang nag-utos sa amin na damitan ang hubad ay tumugon: “Ngayon di’y babalutin ko ang buong katawan ng patong-patong na mga tanikala.”
3. Ano raw ang magagawa ng pag-iyak at pagdadalamhati? Ano ang maaaring gawin nito para sa isang tao?
4. Mula sa pananaw ni Kalayaan, bakit palaging tiyak ang pagiging wasto at tuwid?
5. Ayon kay Kalayaan, sino ang mga karapat-dapat sa kaniyang pagkalinga? Ipaliwanag at gumamit ng mga kongkretong halimbawa.

**Iba Pang Anyo ng Panitikan sa Panahon ng Espanyol**

Naging popular na babasahin sa ikalawang kuwarter ng ika-19 siglo ang korido at awit. May sukat na wawaluhin ang korido habang lalabindalawahin naman ang awit. Awit ang tanyag na Florante at Laura ni Francisco Balagtas. Buhay rin ang dula noong panahong ito. Dala ng mga Espanyol ang zarzuela (dulang may kantahan at sayawan) pati na rin ang komedya.
Ang komedya ay patalatang dula. Nagmamartsa papasok at palabas ang mga tauhan sa dula. May itinatampok itong batalla o labanan na may koreograpiya at mahika.

**Pangwakas na Pagtataya**

1. Balikan natin ang KWHL *chart* na ginawa ninyo sa simula ng pag-aaral ng panahon ng Espanyol. Talakayin ninyo sa klase ang mga sagot ninyo sa KWHL *chart*. Paanong nagbago ang inyong mga pananaw at nauunawaan tungkol sa panahong ito ng ating kasaysayan? Paanong nasalamin ng mga akda noong panahong ito ang kalagayang panlipunan?

2. Magsaliksik tungkol sa iba pang anyo ng panitikan na lumaganap noong Panahon ng mga Espanyol. Ibahagi sa klase ang mga nasaliksik. Anong mga tema at damdamin ng mga akdang nasaliksik ninyo?

## ANG PANITIKAN SA PANAHON NG AMERIKANO

### Mga Aralin

- Dula
  - Walang Sugat *ni Severino Reyes*
- Maikling Kuwento
  - Paglalayag sa Puso ng Isang Bata *ni Genoveva Edroza Matute*
- Balagtasan
  - Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan *ni Jose Corazon de Jesus at Florentino Collantes*
- Tulang Tradisyonal
  - Bayan Ko *ni Jose Corazon de Jesus*
- Tulang Modernista
  - Ako ang Daigdig *ni Alejandro G. Abadilla*

### Kaligirang Pangkasaysayan

Napunta sa kamay ng mga Amerikano ang Filipinas noong 1898. Dala sa kanila nakarinig ang Filipino ng balita sa radyo, nakasakay sa *tranvia*, at nakakain ng *cotton candy*. Natuto tayo ng Ingles, nag-isip ng demokrasya, at nalaman na ang "A" ay unang titik ng *apple.*

Tinawag tayong "*little brown brother*" ng Amerika, na sabay nagpapakita ng pagmamahal at pagmamaliit. Pinadala ang mga Igorot sa 1904 St. Louis World Fair at itinanghal bilang mga kawawang nakabahag at kumakain ng aso kaya kailangang turuan maging sibilisado.

Bahagi ito ng paniniwala ng mga Amerika na itinadhana silang maghari. Tinawag nilang *Benevolent Assimilation* o Mapagkalingang Pag-angkin ang ginagawa nila. Ngunit alam ng mga Filipino na hindi sila ganap na malaya. Kaya ipinagpatuloy nila ang laban sa larangan ng politika, sa pamamagitan ng armas, at sa tulong ng mga dula, tula, at kuwento noong panahong iyon.

### Pagbabago sa Paksa

Natural na pumasok sa panitikan noong panahong iyon ang kulturang Amerikano. Naging moderno ang mga paksa—tungkol sa mga indibidwal sa gitna ng malalaking gusali at mga makinang mabilis ang takbo sa mga sementadong kalsada.

Kasabay nito, naging mahalagang paksa rin ang buhay-probinsya at mga taong nagbubuklod upang maging isang bayan.

### Pagbabago sa Anyo

Iba rin ang nausong porma ng panitikan pagdating ng mga Amerikano. Ang mga dulang komedya at senakulo ay pinalitan ng sarsuwela at dulang pantanghalan. Ang patulang laron katulad ng Duplo ay naging Balagtasan. At ang mga tulang nagtataglay pa rin ng katutubong tugma at sukat ay sinabayan ng mga tulang nasa malayang taludturan.

**Ang Dula sa Panahon ng Amerikano**

Bahaging-bahagi ng rebelyon ang mga manunulat ng mga panahong ito. Pinamagatang "Tanikalang Ginto" ang isang dula ni Juan Abad. Pamagat pa lang, alam na natin ang tinutukoy.

Rebolusyonaryo rin ang *Kahapon, Ngayon, at Bukas* ni Aurelio Tolentino. May eksena rito kung saan kailangang kunin ng tauhang si Tagailog ang bandilang Amerikano at apakan sa entablado. Dahil natakot ang artistang gawin ito, si Tolentino mismo ang gumawa (Pineda 1979, 349). Dahil dito, ikinulong siya katulad ni Abad at ng iba pang may bolpen na nagtatae sa papel ng pamahalaan.

Ang dulang susunod ay tungkol sa giyera, pagkukunwari, at kung paanong nagwawagi ang tunay na pag-ibig. Sinulat ito ni Severino Reyes na siya ring nagsulat ng mga kuwento ni Lola Basyang. Kinikilala siya bilang Ama ng Sarsuwelang Tagalog.

**Gabay sa Pagbabasa:**

1. Ano-anong detalye ukol sa Filipinas ang makikita sa dula?
2. Ano-ano naman ang mga problema nina Teñong at Julia?

**Panitikan**

**Walang Sugat**
*Severino Reyes*
*1898*
*buod batay sa Pineda 1979*

Unang Yugto

1 Nagbuburda ng mga panyolito si Julia. Darating si Teñong. Magkakayayaang magpakasal ang dalawa.

2 Darating si Lukas at ibabalitang dinakip ang ama ng binata. Magpapaalam ang binata para sundan ang ama. Sasama si Julia at ang inang nitong si Juana.

3 Maraming dumadalaw sa mga dinakip. Inaalipusta sila ng mga kura. Tinatawag silang filibustero at mason. May hindi na makakain sa dinanas na hirap. May namatay na.

4 Naroon si Kapitana Puten, ang ina ni Teñong na ibig makita ang asawang Kapitan Inggo bugbog na sa palo.

5 Darating si Teñong. Hindi siya hahalik sa kamay ng kura. Kagagalitan ito ng ina. Sinabi ng binatang "ang mga kamay na pumapatay sa kapwa ay hindi dapat hagkan."

6 Isusumpa ni Teñong na papatay siya ng mga kura kapag namatay si Kap. Inggo. Mamamatay nga ang matanda. Magyayaya si Teñong ng mga kasama na magsikuha ng baril at gulok. Makikiusap si Julia na huwag ituloy ni Teñong ang balak dahil nag-iisa na ang ina ng binata. Sasalakayin pa rin nina Teñong ang mga kura.

Ikalawang Yugto

7 May manliligaw si Julia na Miguel ang pangalan. Mayaman. Bugtong na anak.

8 Nag-usap na ang ina ni Julia at ang ama ni Miguel tungkol sa pagkakakasal ng dalawa. Hindi alam ni Juana ang tungkol kay Julia at Teñong. Magpapadala ang dalaga ng liham kay Teñong sa tulong ni Lukas.

9 Si Teñong ay kapitan ng mga maghihimagsik. Walang takot sa labanan. Matatagpuan din ni Lukas ang kuta nina Teñong. Ibibigay ang sulat ng dalaga. Isinasaad doon ang araw ng kasal nila ni Miguel.

10 Sasagutin sana ni Teñong ang sulat ngunit nagkaroon ng labanan. Maghahandang lumaban ang mga Katipunero.

Ikatlong Yugto

11 Sinabi ni Lukas kay Julia kung bakit hindi natugunan ni Teñong ang kaniyang liham. Nagbilin lamang ito na uuwi sa araw ng kasal.

12 Habang nanliligaw si Miguel kay Julia, si Teñong pa rin ang nasa isip ng dalaga. Ayaw niyang makipag-usap sa manliligaw kahit kagalitan siya ng ina.

13 Si Tadeo na ama ni Miguel ay nanliligaw naman kay Juana.

14 Kinabukasa’y ikakasal na si Julia kay Miguel. Nagpapatulong si Julia kay Lukas na tumakas upang pumunta kay Teñong. Ngunit di alam ni Lukas kung nasaan na sina Teñong kaya walang nalalabi kay Julia kundi ang magpakasal o magpatiwakal.

15 Pinayuhan ni Lukas si Julia na kapag itatanong na ng pari kung iniibig nito si Miguel ay buong lakas nitong isigaw ang “Hindi po!” Ngunit tumutol ang dalaga dahil mamamatay naman sa sama ng loob ang kanyang ina.

16 Sa simbahan, ikakasal na si Julia kay Miguel nang dumating si Teñong na sugatan, nasa punto ng kamatayan. Ipinatawag ng Heneral ng mga Katipunero ang pari para makapangumpisal si Teñong.

17 Pinakinggan ng kura ang kumpisal ni Teñong. May huling kahilingan ang binata—na sila ni Julia ay makasal bago siya mamatay. Galit man

si Juana ay pumayag ito. Pumayag rin si Tadeo dahil sandali na lamang at puwede na uling ikasal si Julia at ang kaniyang anak. Gayundin si Miguel.

18 Ikinasal sina Juia at Teñong. Babangon si Teñong mula sa pagkakahiga at... “Walang sugat!” sigaw ni Miguel. At gayundin ang isisigaw ng lahat. Gawa-gawa lamang ng Heneral at ni Teñong ang buong eksena.

Wakas

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Sa anong panahon at saan naganap ang kuwento?
2. Ilarawan sina Teñong at Julia at ang kanilang relasyon.
3. Anong dalawang pag-ibig ni Teñong ang humihila sa kaniya sa magkabilang direksyon?
4. Ano naman ang dalawang tunggalian sa kuwento ukol sa mga pag-ibig na ito?
5. Paanong maaaring maging talinghagang rebelde ang kuwento nina Teñong at Julia?
6. Noong Panahong Amerikano, ano kaya ang nakitang kahulugan ng mga tao sa dulang ito?
7. Sa kasalukuyang panahon, ano kaya ang sinasabi ng dula?
8. Makatarungan ba ang panlilinlang na ginawa nina Teñong para maikasal sila ni Julia? Bakit o bakit hindi?

Susunod naman ang isang sipi mula sa Ikalawang Tagpo ng Unang Yugto. Para malasap mo rin ang mga aktuwal na tunog ng dula.

**Gabay sa Pagbabasa:**

1. Panyo lamang ang pinag-uusapan nina Teñong at Julia. Pero ano-ano pa ang ibang usaping lumalabas sa diyalogo?
2. Paano naging tila isang laro/biruan ang pagliligawan nila?
3. Mas malalasap ang wika at laro ng dula kung bibigkasin. Bakit hindi subukin?

**Panitikan**

## Walang Sugat - Unang Yugto, Ikalawang Tagpo

*Severino Reyes*

*1898*

1 TEÑONG: Julia, tingnan ko ang binuburdahan[1] mo…

2 JULIA: Huwag na Teñong, huwag mo nang tingnan, masama ang pagkakayari, nakakahiya.

3 TEÑONG: Isang silip lamang, hindi ko na hihipuin, ganoon lang?… ay…

4 JULIA: Sa ibang araw, pagka tapos na, oo, ipakikita ko sa iyo.

5 TEÑONG: (Tangan si Julia sa kamay) Ang daliri bang ito na hubog kandila, na anaki'y nilalik[2] na maputing garing[3], ay may yayariin kayang hindi mainam? Hala na, tingnan ko lamang.

6 JULIA: Huwag mo na akong tuyain, pangit nga ang mga daliri ko.

7 TEÑONG: (Nagtatampo) Ay!…

8 JULIA: Bakit Teñong, napagod ka ba? (Hindi sasagot). Masama ka palang mapagod.

9 TEÑONG: Masakit sa iyo!

10 JULIA: (Sarili) Nagalit tuloy! Teñong, Teñong…(sarili) Nalulunod pala ito sa isang tabong tubig!

11 TEÑONG: Ay!

12 JULIA: (Sarili) Anong lalim ng buntonghininga! (Biglang ihahagis ni Julia ang bastidor). (Sarili) Lalo ko pang pagagalitin.

13 TEÑONG: (Pupulutin ang bastidor at dála[4]). Julia, Julia ko. (Luluhod) Patawarin mo ako; hindi na ako nagagalit…

14 JULIA: Masakit sa aking magalit ka at hindi. Laking bagay!

---

[1] burda—disenyong sinulid na itinatahi sa tela

[2] lalik—makinang ginagamit sa pag-ukit

[3] garing—*ivory*

[4] bastidor at dala—mga kagamitan sa pagbuburda

15 TEÑONG: Lumalaganap sa dibdib ko ang masaganang tuwa, narito at nakikita ko na minarapat mong ilimbag sa panyong ito ang pangalan ko.

16 JULIA: Hindi a, nagkakamali ka, hindi ukol sa iyo ang panyong iyan…

17 TEÑONG: Sinungaling! At kaninong pangalan ito? A. Antonio; N. Narciso; at F. ay Flores.

18 JULIA: Namamali ka, hindi mo pangalan iyan.

19 TEÑONG: Hindi pala akin at kanino nga?

20 JULIA: Sa among![5] Iya'y iaalay ko sa kanya ngayong kaarawan ng pasko.

21 TEÑONG: Kung sa among man o sa demonyo, bakit ang letra'y A, N, at F?

22 JULIA: Oo nga sapagkat ang A, ay Among, ang N, Natin at ang F ay Frayle.

Nakaganti na ako! (Dudukutin ni Teñong sa kanyang bulsa ang posporo at magkikiskis ng maraming butil at nag-aalab na magsasalita).

23 TEÑONG: Julia, magsabi ka ng katotohanan, para sa kura nga ba? Kapag hindi ko sinilaban, ay … sinungaling ako… mangusap ka. Susulsulan ko na? (Anyo nang sisilaban)

*Musika No. 2*

24 JULIA: Huwag mong silaban ang tunay mong pangalan.

25 TEÑONG: Sa pagkakasabi mong sa kurang sukaban nagising ang galit at 'di mapigilan.

26 JULIA: Hindi maghahandog sa lahi ni Satan, ang panyong iyan ay talagang iyo, sampu ng nagburdang si Juliang iniirog mo.

27 TEÑONG: Salamat, salamat, Juliang poon ko.

28 JULIA: O, Teñong ng puso, O, Teñong ng buhay ko.

---

[5] among—bulgar na tawag sa pari

29 TEÑONG: Pag-iibigan ta'y kahimanawari lumawig na tunay at di mapawi paglingap mo sa akin kusang mamalagi huwag malimutan sa tuwi- tuwi…

Julia ko'y tuparin adhikain natin.

30 JULIA: Tayo'y dumulog sa paa ng altar.

31 TEÑONG: Asahan mo.

32 SABAY: 'Di mumunting tuwa dito'y dumadalaw, ano pa't wari 'di na mamamatay sa piling mo oh! (Teñong) niyaring buhay

(Julia) maalaalang may kabilang buhay…

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Ano ang ginagawa ni Teñong sa talata 5?
2. Ano naman ang damdamin ni Julia sa talata 6?
3. Ano naman ang ibig sabihin ni Julia sa talata 10 sa pagsabi niyang nalulunod si Teñong sa isang tabong tubig?
4. Anong isyu ang nagsimulang lumabas sa talata 21?
5. Ano kaya ang damdamin ng musika #2 pagkatapos ng talata 23?
6. Paano tayo naihanda ng talata 32 sa mga susunod na mangyayari?
7. Ano ang paborito mong linya at bakit? Bigkasin ito.
8. Ano ang pagkakaiba at pagkakapareho ng ligawan sa dula at ligawan sa kasalukuyang panahon? Alin ang mas ibig mo?

**MAIKLING KUWENTO**

Matagal nang nagkukuwentuhan ang mga Filipino. May mga alamat at epiko ang mga katutubo. Mayroon ring naisulat na mga kuwento ang mga rebolusyonaryo at mga ilustrado noong panahon ng Kastila. Ngunit tinawag lang na "maikling kuwento" o "maikling katha" ang mga ito nang dumating ang mga Amerikano, na napag-alab dahil sa pag-usbong ng paglaganap ng teknolohiya ng imprenta.

Ang mga kuwento noong panahon bago dumating ang mga Hapon ay karaniwang (Almario sa Matute 1992):

1) gumagamit ng Unang Panauhan o *first person*;
2) tumatalakay sa buhay-lungsod;
3) may katimpian sa pagpapahayag ng damdamin at paglalarawan;

4) may kalabuan ng pangyayari dahil may pagtatangkang hindi maging lantad;
5) may paghahangad na pagandahin ang anyo;
6) malinis at tumpak ang pananagalog; at
7) nabibilang sa iba't ibang uri tulad ng pangkatutubong kulay (*story of local color*), makabanghay (*story of plot*), makakaisipan (*story of ideas*), makakapaligiran (*story of atmosphere*), at makatauhan (*story of character*).

Ang susunod na maikling kuwento ay gawa ng isa sa mga pinakakilalang pangalan sa *genre* na ito. Taong 1936 pang nalalathala ang kaniyang mga kuwento. At 1939 pa kinilala ang kaniyang kuwentong *Walong Taong Gulang* bilang huwarang katha ng kaniyang panahon. Hindi man kapanahon ay kaestilo ang susunod na kuwento ng pinakamahuhusay na kuwento ni Aling Bebang.

**Gabay sa Pagbabasa:**

1. Pansinin kung paanong nagbabago at nananatiling pareho ang pagkatao ng bata sa kuwento.
2. Pansinin din kung paano naaapektuhan ng guro at ng estudyante ang isa't isa.

**Panitikan**

**Paglalayag sa Puso ng Isang Bata**
*Genoveva Edroza Matute*
*1947*

1 Binata na siya marahil ngayon. O baka ama na ng isang mag-anak. Ito ay kung nakaligtas siya sa nakaraang digmaan… nguni't ayaw kong isiping baka hindi. Sa akin, siya'y hindi magiging isang binatang di-kilala, isang ama, o isang alaala kaya ng Bataan. Sa akin, siya'y mananatiling isang batang lalaking may-kaliitan, may kaitiman, at may walong taong gulang.

2 Pagkaraan ng daan-daang tinuruan, mga sumipot, nanatiling saglit, at lumisan pagkatapos, pagkaraan ng mga taong ang ila'y nagdumali, ang ila'y nagmabagal at ang ila'y nakintal sa gunita, buhay na buhay pa sa aking isipan ang kanyang mukha at ang kanyang pangalan. Ngunit ang buhay sa lahat ay ang isang bagay na itinuro niya sa akin isang araw nang siya ang aking maging guro at ako ang kanyang tinuturuan.

3 Isa siya sa pinakamaliit sa klase. At isa rin siya sa pinakapangit. Ang bilog at pipis niyang ilong ay lubhang kapansin-pansin at tingnan lamang iyo'y mahahabag na sa kanya ang tumitingin. Kahit ang paraan niya ng pagsasalita ay laban din sa kanya. Mayroon siyang kakatuwang "punto" na nagpapakilalang siya'y taga-ibang pook.

4 Ngunit may isang bagay na kaibig-ibig sa munti't pangit na batang ito, kahit sa simula pa lamang. Nagpapaiwan siya tuwing hapon kahit na hindi siya hilingan ng gayon. Siya rin ang pinakahuling umaalis: naglilibot muna sa buong silid upang pulutin ang mga naiiwang panlinis. Lihim ko siyang pinagmamasdan habang inaayos niya ang mga ito sa lalagyan, ipinipinid, at pagkatapos ay magtutungo sa likod ng bawat hanay ng upuan upang tingnan kung tuwid ang bawat isa. At sa pintuan, lagi siyang lumilingon sa pagsasabi ng "Goodbye, Teacher!"

5 Sa simula, pinagtakhan ko ang kanyang pagiging mahiyain. Nakikita ko siyang gumagawa nang tahimik at nag-iisa -- umiiwas sa iba. Paminsan-minsa'y nahuhuli ko siyang sumusulyap sa akin upang bawiin lamang ang kanyang paningin. Habang tinatanaw ko s tuwing hapon, pinakahuli sa kanyang mga kasamahan, ay naiisip kong alam na alam niya ang kanyang kapangitan, ang nakatutuwang paraan ng kanyang pagsasalita.

6 Unti-unti kong napagdugtong-dugtong ang mga katotohanan tungkol sa kanyang buhay. Payak ang mga katotohanan: siya'y isang munting ulilang galing sa lalawigan, lumuwas sa malaking lungsod bilang utusan. At kalahating araw siyang pumapasok sa paaralan upang may makasama sa pagpasok at pag-uwi ang anak ng kanyang panginoon.

7 Nadama ko ang kakaibang kalungkutan: Nais kong makita siyang nakikipaghabulan sa mga kapwa-bata, umaakyat sa mga pook na ipinagbabawal, napapasuot sa kaguluhang bahagi ng buhay ng bawat bata. Kahit na hindi siya marunong, maging kanya lamang sana ang halakhak at kaligayahan ng buhay-bata.

8 Tinatawag ko siya nang madalas sa klase. Pinagawa ko siya ng marami't mumunting bagay para sa akin. Pinakuha ko sa kanya ang mga tsinelas ko sa pinakahuling upuan sa silid. Naging ugali niya ang pagkuha sa mga iyon, ang paghihiwalay sa mga iyon upang itapat sa aking paa. Ang pagbili ng aking minindal sa katapat na tindahan, hanggang sa hindi ko na kailangang sabihin sa kanya kung ano ang bibilhin - alam na niya kung alin ang ibig ko, kung alin ang hindi ko totoong ibig.

9 Isang tahimik na pakikipagkaibigan ang nag-ugnay sa munti't pangit na batang ito at sa akin. Sa tuwi akong mangangailangan ng ano man, naroon na siya agad. Sa tuwing may mga bagay na gagawin, naroon na siya upang gumawa. At unti-unti kong nadamang siya'y lumiligaya - sa paggawa ng maliliit na bagay para sa akin, sa pagkaalam na may pagmamalasakit ako sa kanya at may pagtingin sa kanya. Nahuhuli ko na siyang nagpapadulas sa pagitan ng mga hanay ng upuan hanggang sa magkahiga-higa sa likuran ng silid. Nakikita ko na siyang nakikipaghabulan, umaakyat sa mga pook na ipinagbabawal. Nagkakandirit hanggang sa tindahang bilihan ng aking minindal. At minsan o makalawa ko siyang nahuling nagpapalipat-lipat sa pagtapak sa mga upuan.

10 At kung ang lahat ay wala na, kinakausap ko siya at sumasagot siya nang pagaril sa Tagalog. At sa mga ganoong pagkakatao'y nagmumukha siyang maligaya at ang kanyang, "Goodbye, Teacher," sa may-pintuan ay tumataginting. Sa mga ganoong pagkakatao'y naiiwan sa akin ang katiyakang siya'y hindi na totoong napag-iisa at hindi na totoong nalulumbay.

11 Isang mabagal na paraan ang pag-akit na iyon sa kanya at ang pagtiyak na siya'y mahalaga at sa kanya'y may nagmamahal.

12 Napasuot na siya sa mga kaguluhang bahagi ng buhay ng bawa't bata. Nanukso na siya sa mga batang babae. Lalo siyang naging malapit sa akin. Lalo siyang naging maalala at mapagmahal. Maligaya na siya.

13 Isang araw, nangyari ang hindi inaasahan. Sa paglingon ko sa mga taong nagdaa'y naamin ko sa sariling ang lahat ng iyo'y aking kasalanan. Mainit noon ang aking ulo, umagang-umaga pa. At ang hindi ko dapat gawin ay aking ginawa -- napatangay ako sa bugso ng damdamin. Hindi ko na magunita ngayon kung ano ang ginawa ng batang iyon na aking ikinagalit. Ang nagugunita ko lamang ngayon ay ang matindi kong galit sa kanya, ang pagsasalita ko sa kanyang ipinanliit niya sa kanyang upuan. Nalimutan ko ang kanyang pag-iisa, ang kanyang kalumbayan, ang mabagal na paraan ng pag-akit at pagtiyak sa kanyang siya'y mahalaga at minamahal.

14 Nang hapong iyo'y hindi siya nagpadulas sa pagitan ng mga hanay ng upuan. Ngunit siya'y nagtungo sa huling upuan upang kunin ang aking tsinelas, upang paghiwalayin ang mga iyon at itapat sa aking mga paa. Nagtungo siya sa tindahang katapat upang bilhin ang aking minindal at nagpaiwan siya upang likumin ang mga kagamitan sa paglilinis at upang ayusin ang mga iyon sa lalagyan sa sulok. Pinagpantay-pantay rin niya ang mga upuan sa bawat hanay, gaya ng kanyang

kinamihasnan. Ngunit hindi siya tumingin sa akin minsan man lamang nang hapong iyon.

15 Naisip ko: napopoot siya sa akin. Sa munti niyang puso'y kinapopootan niya ako ng pagkapoot na kasintibay ng pagmamahal na iniukol niya sa akin nitong mga huling buwan. Ang isa mang batang namulat sa pag-iisa at sa kalumbayan ng pag-iisa't kawalan ng pagmamahal ay makaaalam din sa kawalan ng katarungan. Ngayo'y paalis na siya, ang naisip ko, nang may kapaitan sa puso.

16 Tumagal siya sa pagpapantay sa mga upuan. Na tila may binubuong kapasiyahan sa kanyang loob.

17 Nagtungo siya sa pintuan at ang kanyang mga yabag ay mabibigat na tila sa isang matandang pagod. Sa loob ng maraming buwan, ngayon lamang siya hindi lumingon upang magsabi ng, "Goodbye, Teacher." Lumabas siya nang tahimik at ang kanyang mabibigat na yabag ay lumayo nang lumayo.

18 Ano ang ginawa kong ito? Ano ang ginawa kong ito? Ito ang itinanong ko nang paulit-ulit sa aking sarili. Napopoot siya sa akin. At ito'y sinabi ko rin nang paulit-ulit sa aking sarili.

19 Bukas…. Marahil, kung pagpipilitan ko bukas…

20 Biglang-bigla, ang maitim at pipis na mukha ng bata'y nakita ko sa pintuan. Ang mga mata niyang nakipagsalubungan sa aki'y may nagugulumihanang tingin. "Goodbye, Teacher," ang sabi niya. Pagkatapos ay umalis na siya.

21 Nagbalik siya upang sabihin iyon sa akin.

22 Kung gaano katagal ako noon sa pagkakaupo, ay hindi ko na magunita ngayon. Ang tangi kong nagugunita'y ang pagpapakumbaba ko sa kalakhan ng puso ng munting batang yaon, sa nakatitinag na kariktan ng kanyang kaluluwa. Nang sandaling yaon, siya ang aking naging guro.

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Ano ang mga detalye mula sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig na lumabas sa talata 1?
2. Ilarawan ang batang pinag-uusapan sa kuwento. Bakit siya dehado? Bakit natutuwa ang guro sa kaniya? Ano ang kalagayan niya sa buhay?

3. Paano naging malapit ang guro at bata sa isa't isa? Ano ang naganap na pagbabago sa bata dahil dito?
4. Ano ang nagawa ng guro? Ano ang nagbago sa kilos ng bata? Ano ang hula ng guro na damdamin ng bata?
5. Ano kaya ang pinag-iisipan ng bata sa talata 16?
6. Ano ang naituro ng bata sa kaniyang guro sa araw na iyon?
7. Sino ang nagturo sa iyo ng ganoon ding leksyon?
8. Alin-alin sa mga pamantayan ng maikling kuwento sa itaas ang natupad ng akdang ito? Bakit mo nasabing ganoon?
9. Anong uri kaya ito ng maikling kuwento?
10. Ipaliwanag ang pamagat.

## BALAGTASAN

Parang paghinga na sa mga Filipino ang pagtula, dala na rin ng malakas nating tradisyong pabigkas sa panitikan. Mula pa sa mga bugtong, salawikain, at epiko ng mga katutubo hanggang sa mga awit, korido, at pasyon ng Panahong Kastila.

Sa Panahong Amerikano, lalo pang tumindi ang tradisyonal na tula. Rumaragasang baha ang kulturang Amerikano. Dahil dito naghanap ng kakapitan ang mga makatang Filipino, isang punong malalim ang ugat at hindi basta-basta mabubunot. Nahanap nila ito kay Balagtas at sa Florante at Laura.

Matagal nang ipinagmamalaki ng mga Filipino ang kagalingan ni Balagtas. Kabilang sa mga ito si Jose Rizal na paulit-ulit binanggit si Balagtas sa kaniyang Noli at nagsalita pa ukol sa Florante at Laura sa isang panayam sa Alemanya.

Matagal na ring kinikilala ang Florante at Laura bilang akdang maka-Filipino at kontra-dayuhan. Kaya nang maghanap ng sandata laban sa bagong mananakop ang mga makata noong simula ng siglo 1900, pinili nila ang porma ng tulang ginamit ni Balagtas—ang Awit.

Sumusunod ang mga pamantayan ng pormang Awit:

1. may apat na linya;
2. bawat linya ay may 12 pantig;
3. may bahagyang hinto o sesura pagkatapos ng ika-6 na pantig ng bawat linya;
4. kailangang magkakatugma ang 4 na linya;
5. kailangang hindi katugma ng ika-6 na pantig ang ika-12; at
6. madalas na magkaroon ng mga tayutay at talinghaga.

Isa sa naging bunga ng pagmamahal sa Awit ang tinatawag na Balagtasan. Hindi si Balagtas ang nagsimula nito kundi ang mga umiidolo sa kaniya—kabilang sina Florentino Collantes at Jose Corazon de Jesus, ang tinaguriang “Hari ng Balagtasan.” Sila ang nagsulat ng susunod mong mababasa. Ito ang unang balagtasang itinanghal sa bansa, una sa napakaraming debateng pinanood ng libo-libong Filipino noong panahong ito.

**Gabay sa Pagbabasa:**

1. Mga Tauhan sa Balagtasan:
   LAKANDIWA—ang tagapagpadaloy ng Balagtasan
   PARUPARO at BUBUYOG—ang nagdedebate
   KAMPUPOT[6] o BULAKLAK—ang pinag-aagawan
2. Tingnan kung paanong sabay magkalaban at nasa parehong sitwasyon ang Bubuyog at Paruparo?
3. Kung ikaw ang Kampupot, sino ang pipiliin mo?

**Panitikan**

**Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan**
*Jose Corazon de Jesus at Florentino Collantes*
1924

1 LAKANDIWA: Yamang ako’y siyang Haring inihalal
Binubuksan ko na itong Balagtasan,
Lahat ng makata’y inaanyayahang
Sa gawang pagtula ay makipaglaban.

2 Ang makasasali’y batikang[7] makata
At ang bibigkasi’y magagandang tula,
Magandang kumilos, may gata sa dila
At kung hindi ay mapapahiya.

3 Itong Balagtasa'y galing kay Balagtas
Na Hari ng mga Manunulang lahat,
Ito’y dating Duplong tinatawag-tawag
Balagtasan ngayon ang ipinamagat.

4 At sa gabing ito’y sa harap ng bayan
Binubuksan ko na itong Balagtasan
Saka ang ibig kong dito’y pag-usapan:
BULAKLAK NG LAHING KALINIS-LINISAN.

[6] kampupot—halamang kapamilya ng sampaguita, mabango rin at maputi ang bulaklak ngunit mas makapal ang talulot

[7] batikan—sanay, subok, mahusay

5 Tinatawagan ko ang mga makata,
Ang lalong kilabot sa gawang pagtula,
Lumitaw na kayo't dito'y pumagitna
At magbalagtasan sa sariling wika.

6 PARUPARO: Magandang gabi sa kanilang lahat
Mga nalilimping kawal[8] ni Balagtas,
Ako'y paruparong may itim na pakpak
At nagbabalita ng masamang oras.

7 Nananawagan po, bunying Lakandiwa,
Ang uod na dating ngayo'y nagmakata,
Naging paruparo sa gitna ng tula
At isang bulaklak ang pinipitháya[9].

8 Sa ulilang harding pinanggalingan ko
Laon nang panahong nagtampo ang bango,
Nguni't aywan baga't sa sandaling ito
Ay may kabanguhang binubuhay ako.

9 May ilang taon nang nagtampo sa akin
Ang bango ng mga bulaklak sa hardin,
Luksang Paruparo kung ako'y tawagin,
mata ko'y luhaan, ang pakpak ko'y itim.

10 Bunying Lakandiwa, dakilang Gatpayo,
Yaring kasawia'y pagpayuhan ninyo,
At si Lakan-ilaw ang gagamitin ko
Upang matalunton ang naglahong bango.

11 LAKANDIWA: Sa kapangyarihan na taglay ko na rin
Ikinagagalak na kayo'y tanggapin,
Magtuloy po kayo at dito sa hardin,
Tingnan sa kanila kung sino at alin.

12 PARUPARO: Sa aking paglanghap ay laon nang patay
Ang bango ng mga bulaklak sa párang[10],
Nguni't ang puso ko'y may napanagimpang[11]
Bulaklak ng lahing kalinis-linisan.

13 Ang bulaklak ko pong pinakaiirog
Ubod na ng ganda't puti ang talúlot[12],
Bulaklak po ito ng lupang Tagalog,
Kapatak na luhang pangala'y kampupot.

---

[8] nalilimping kawal—natitipong sundalo

[9] pithaya—hangad, ibig, nais

[10] parang—malawak na kapatagan

[11] napanagimpan--napanaginipan

[12] talulot—bawat hati ng bulaklak na parang dahong nakapalibot; *petal* sa Ingles

14 Kung kaya po naman di ko masansala
Ang taghoy ng dibdib na kanyang dinaya,
Matapos na siya'y diligan ng luha
Nang siya'y umunlad, nagtago…nawala!

15 Isang dapit-hapong palubog ang araw
Sa loob ng hardin, kami'y nagtaguan,
Paruparo, an'ya kita'y tatalian,
Ako'y hanapin mo't kung makita'y hagkán[13].

16 Isang panyong puting may dagta ng lason
Ang sa aking mata'y itinakip noon,
At ang Bulaklak ko'y bumaba sa dahon,
Nagtago pa mandin at aking hinabol.

17 Hinabol-habol ko ang bango at samyo
Hanggang makarating ako sa malayo,
At nang alisin na ang takip na panyo
Wala si Kampupot, wala yaring puso.

18 Ang taguang biro'y naging totohanan
Hanggang tunay na ngang mawala sa tanaw,
At ang hinagpis ko noong ako'y iwan,
Baliw na mistula sa pagsisintahan.

19 Sa lahat ng sulok at lahat ng panig
Ay siya ang laging laman niring isip,
Matulog man ako'y napapanaginip,
Mistulang nalimbag sa sugatang dibdib.

20 Sa apat na sulok ng mundong payapa
Ang aking anino'y tulang nabandila,
Paruparo akong sa mata'y may luha,
Ang mga pakpak ko'y may patak na luksa.

21 Ang sakdal kong ito, Lakandiwang mahal,
Ibalik sa akin, puso kong ninakaw,
At kung si Kampupot ay ayaw po naman,
Ay ang puso niya sa aki'y ibigay.

22 BUBUYOG: Hindi mangyayari at ang puso niya'y
Karugtong ng aking pusong nagdurusa,
Puso ni Bulaklak pag iyong kinuha
Ang lalagutin mo'y dalawang hininga.

23 Pusong pinagtali ng isang pag-ibig
Pag pinaghiwalay kapanga-panganib,
Dagat ma't hatiin ang agos ng tubig,
Sa ngalan ng Diyos ay maghihimagsik.

[13] hagkan—halikan

24 Ang dalawang ibon na magkasintahan,
Papaglayuin mo't kapwa mamamatay,
Kambal na pag-ibig pag pinaghiwalay,
Bangkay ang umalis, patay ang nilisan.

25 Paruparong sawing may pakpak na itim
Waring ang mata mo'y nagtatakipsilim,
At sa dahil sa diwang baliw sa paggiliw
Di man Kampupot mo'y iyong inaangkin.

26 Dinaramdam ko rin ang dinaranas mo
At sa kasawia'y magkauri tayo,
Ako ma'y mayroong nawawalang bango
Ng isang bulaklak kaya naparito.

27 Buhat pa kanginang ikaw'y nangungusap
Bawat salita mo'y matulis na sibat,
Saka ang hanap mong mabangong bulaklak,
Luksang paruparo, siya ko ring hanap.

28 Ipahintulot mo, Paruparong luksa,
Dalitin ko yaring matinding dalita.
Itulot mo rin po, Hukom na dakila,
Bubuyog sa sawi'y makapagsalita.

29 PARUPARO: 'Di ko pinipigil ang pagsasalaysay
Lalo't magniningning ang isang katwiran,
Nguni' tantuin mo na sa daigdigan
Ang bawa't maganda'y pinag-aagawan.

30 LAKANDIWA: Magsalita kayo at ipaliwanag
Ang ubod ng lungkot na inyong dinanas,
Paano at saan ninyo napagmalas
Na ito ang siya ninyong hinahanap?

31 BUBUYOG: Sa isang malungkot at ulilang hardin
Ang binhi ng isang halama'y sumupling,
Sa butas ng bakod na tahanan namin
Ay kasabay akong isinisilang din.

32 Nang iyang halama'y lumaki, umunlad,
Lumaki ako't tumibay ang pakpak,
At nang sa butas ko ako'y makalipad
Ang unang hinagka'y katabing bulaklak.

33 Sa kanyang talulot unang isinangla
Ang tamis ng aking halik na sariwa,
At sa aking bulong na matalinghaga
Napamukadkad ko ang kanyang sanghaya.

34 Nang mamukadkad na ang aking kampupot
Sa araw at gabi ako'y nagtatanod,
Langgam at tutubing dumapo sa ubod
Sa panibugho ko'y aking tinatapos.

35 Ngayon, tanda ko ngang kayo'y nagtaguan
Habang ako'y kanlong sa isang halaman,
Luksang paruparo nang ikaw'y maligaw
Ang aking halakhak ay nakabulahaw.

36 Ang inyong taguan, akala ko'y biro,
Kaya ang tawa ko'y abot sa malayo,
Ngani't nang ang saya'y tumagos sa puso
Sa akin man pala ay nakapagtago.

37 Lumubog ang araw hanggang sa dumilim
Giliw kong bulaklak di dumarating,
Nang kinabukasa't muling nangulimlim
Ay hinanap ko na ang nawalang giliw.

38 Nilipad ko halos ang taas ng langit
At tinalunton ko ang bakas ng ibig,
Ang kawikaan ko sa aking pag-alis
Kung di makita'y di na magbabalik.

39 Sa malaong araw na nilipad-lipad
Dito ko natunton ang aking bulaklak,
Bukong sa halik ko kaya namukadkad
'Di ko papayagang mapaibang palad.

40 Luksang Paruparo, kampupot na iyan,
Iyan ang langit ko, pag-asa at buhay,
Ang unang halik kong katamis-tamisan
Sa talulot niya ay nakalarawan.

41 PARUPARO: Hindi mangyayaring sa isang bulaklak
Kapwa mapaloob ang dalawang palad.
Kung ikaw at ako'y kanyang tinatanggap
Nagkasagi sana ang kanitang pakpak.

42 Ikaw ay Bubuyog, sa unang sumilang
Nang makalabas ka'y saka mo hinagkan:
Ako ay lumabas sa kanya ring tangkay,
Sino ang malapit sa pagliligawan?

43 Una muna akong nag-uod sa sanga
Na balot ng sapot ng pagkaulila,
Nang buksan ng Diyos yaring mga mata
Bulo't dahon namin ay magkasama na.

44 Sa ugoy ng hangin sa madaling-araw
Nagduruyan kaming dalawa sa tangkay,
At kung bumabagyo't malakas ang ulan,
Ang kanya ring dahon ang aking balabal.

45 Sa kanyang talulot kung may dumadaloy
Na patak ng hamog, aking iniinom;
Sa dahon ding iyon ako nagkakanlong
Sa init ng araw sa buong maghapon.

46 Paano ngang siya ay pagkakamalan
Na kami'y lumaki sa iisang tangkay,
Kaya nga kung ako'y sa kanya nabuhay
Ibig ko rin namang sa kanya mamatay.

47 BUBUYOG: Huwag kang matuwa sapagka't kaniig
Niyaring bulaklak na inaaring langit,
Pagka't tantuin mo sa ngalang pag-ibig
Malayo ma't ibig, daig ang malapit.

48 Saka ang sabi mong sa mutyang kampupot
Nakikiinom ka ng patak ng hamog,
Kaunting biyaya na bigay ng Diyos,
Tapang ng hiya mong ikaw ang lumagok.

49 Ikaw'y isang uod, may bulo kang taglay;
Sa isang bulaklak laso't kamatayan,
At akong bubuyog ang dala ko'y buhay
Bulong ng hiningang katamis-tamisan.

50 PARUPARO: Akong malapit na'y napipintasan mo,
Ikaw na malayo naman kaya'y pa'no?
Dalaw ka nang dalaw, di mo naiino,
Ay ubos na pala ang tamis sa bao.

51 Bubuyog na laging may ungol at bulong
Ay nakayayamot saan man pumaroon,
At ang katawan mo'y mayroong karayom
Pa'no kang lalapit, di naduro tuloy?

52 Di ka humahalik sa mga bulaklak,
Talbos ng kamote ang siya mong liyag,
Ang mga bintana'y iyong binubutas,
Doon ang bahay mo, bubuyog na sukab.

53 Ikaw ay bubuyog, ako'y paruparo,
Iyong mga bulong ay naririnig ko;
Kung dinig ng lahat ang panambitan mo
Hiya ni Kampupot, ayaw na sa iyo.

54 BUBUYOG: Kundi iniibig ang nakikiusap
Lalo na ang tahimik na tatapat-tapat,
Kung ang magsalita'y di-magtamong-palad
Lalo na ang dungong di makapangusap.

55 Lilipad-lipad ka na payao't dito
Pasagilang-bingit, at patanaw-tao,
Pag ligaw-matanda sa panahong ito
Pagtatawanan ka ng liligawan mo.

56 Ikaw'y paruparo, ako ay bubuyog
Nilang ka sa tangkay, ako ay sa bakod,
Nguni't saang panig nitong sansinukob
Nakakatuwaan ang paris mong uod?

57 Saka, Paruparo, dapat mong malamang
Sa mula't mula pa'y 'di ka minamahal,
Ang panyong panali nang ikaw ay takpan
Ikaw ang may sabing may lason pang taglay.

58 PARUPARO: Ganyan ang hinalang namugad sa dibdib,
Pagka't napaligaw ang aking pangmasid,
Hindi pala laso't dagta ng pag-ibig
Ang sa aking panyo'y kanyang idinilig.

59 BUBUYOG: Dadayain ka nga't taksil kang talaga
At sa mga daho'y nagtatago ka pa.

60 PARUPARO: Kung ako'y dinaya't ikaw ang tatawa
Sa taglay kong bulo nilason na kita.

61 BUBUYOG: Pagka't ikaw'y taksil, akin si Kampupot.
Siya'y bulaklak ko sa tabi ng bakod.

62 PARUPARO: Bulaklak nga siya't ako'y kanyang uod.

63 LAKANDIWA: Tigil na Bubuyog, tigil Paruparo,
Inyo nang wakasan iyang pagtatalo;
Yamang di-malaman ang may-ari nito,
Kampupot na iya'y paghatian ninyo.

64 BUBUYOG: Kapag hahatiin ang aking bulaklak
Sa kay Paruparo'y ibigay nang lahat;
Ibig ko pang ako'y magtiis ng hirap
Kaya ang talulot niya ang malagas.

65 PARUPARO: Kung hahatiin po'y ayoko rin naman
Pagka't pati ako'y kusang mamamatay;
Kab'yak na kampupot, aanhin ko iyan
buo o wala nguni't akin lamang.

66 LAKANDIWA: Maging si Solomong kilabot sa dunong
Dito'y masisira sa gawang paghatol;
Kapwa nagnanasa, kapwa naghahabol,
Nguni't kung hatii'y kapwa tumututol.

67 Ipahintulot pong sa mutyang narito
Na siyang kampupot sabihin kung sino
Kung sino ang kanyang binigyan ng oo,
O kung si Bubuyog, o kung si Paruparo.

68 KAMPUPOT: Ang kasintahan ko'y ang luha ng langit,
Ang Araw, ang Buwan sa gabing tahimik,
At si Bubuyog po't Paruparong bukid,
Ay kapwa hindi ko sila iniibig.

69 PARUPARO: Matanong nga kita, sinta kong bulaklak,
Limot mo na baga ang aking pagliyag?
Limot mo na bagang sa buong magdamag
Pinapayungan ka ng dalawang pakpak?

70 KAMPUPOT: Tila nga, tila nga sa aki'y mayroong
Sa hamog ng gabi ay may nagkakanlong,
Ngunit akala ko'y dahon lang ng kahoy
At di inakala na sinuman yaon.

71 BUBUYOG: At ako ba, Mutya, hindi mo na batid
Ang mga bulong ko't daing ng pag-ibig,
Ang akin bang samo at mga paghibik
Na bulong sa iyo'y 'di mo ba narinig?

72 KAMPUPOT: Tila nga, tila nga ako'y may napansing
Daing at panaghoy na kung saan galing,
Ngunit akala ko'y paspas lang ng hangin
At di inakala na sinuma't alin.

73 BUBUYOG: Sa minsang ligaya'y tali ang kasunod,
Makapitong lumbay o hanggang matapos.

74 PARUPARO: Dito napatunayan yaong kawikaan
Na ang paglililo'y nasa kagandahan.

75 BUBUYOG at PARUPARO: Ang isang sanglang naiwan sa akin
Ay di mananakaw magpahanggang libing.

76 LAKANDIWA: Ang hatol ko'y ito sa dalawang hibang
Nabaliw nang hindi kinababaliwan:
Yamang ang panahon ay inyong sinayang
Kaya't nararapat na maparusahan.

77 Ikaw ay tumula ngayon, Paruparo
Ang iyong tulain ay “Pagbabalik” mo,
At ang “Pasalubong” sa babaing lilo,
Bubuyog, tulain, ito ang hatol ko.

(Pagkatapos tumula ni Paruparo)

78 LAKANDIWA: Sang-ayon sa aking inilagdang hatol,
Ay ikaw Bubuyog ang tumula ngayon;
Ang iyong tulain ay ang “Pasalubong”
Ng kabuhayan mong tigib ng linggatong.

(Pagkatapos tumula ni Bubuyog)

79 Minamahal nami’t sinisintang bayan,
Sa ngayo’y tapos na itong Balagtasan;
At kung ibig ninyong sila ay hatulan,
Hatulan na ninyo pagdating ng bahay.

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Ano-ano ang malalaman natin ukol sa kasaysayan ng Balagtasan sa talata 3? Bakit ito kailangang ipaliwanag?
2. Ano ang mga katangian ng paruparo at ano ang kaniyang problema?
3. Lagumin ang kuwento kung paano nawala si Bulaklak kay Paruparo?
4. Ano ang hinihingi ni Paruparo sa talata 21?
5. Bakit daw hindi maaari ang hiling ni Paruparo?
6. Madalas makatagpo ng mga gintuang parirala (*quotable quotes*) sa mga awit at tula. Anong karunungan ang makikita sa talata 29? Sang-ayon ka ba rito o hindi? Bakit?
7. Ano naman ang kuwento ng pag-ibig ni Bubuyog?
8. Ano ang ginagawa ni Bubuyog sa talata 34?
9. Paano nagkurus/nagkita ang daloy ng kuwento nina Paruparo at Bubuyog sa talata 35 at 36?
10. Ano ang mga dahilang ibinigay ng Paruparo kung bakit siya ang karapat-dapat kay Bulaklak? Ano naman ang kay Bubuyog?
11. Ano ang solusyong ibinigay ni Lakandiwa sa talata 63? At ano ang reaksyon ng dalawa rito?
12. Bakit nabanggit si Solomon sa talata 66? Anong kuwento ukol sa Haring ito ang katulad ng pinag-uusapan?
13. Sino raw ang gusto ni Kampupot sa talata 68?
14. Sa talata 73-75, bumibigkas ang Bubuyog at Paruparo ng mga gintuang butil mula sa Florante at Laura ni Balagtas. Ano-ano ang ito at gaano ito katotoo para sa iyo?
15. Sa huli, sino ang maghuhusga kung sino ang nanalo sa Balagtasan?
16. Ano ang paborito mong linya/bahagi at bakit?

17. Paano nakatulong ang mga linya at mismong porma nitong Balagtasan sa pagpapanatili ng kulturang Filipino?

## TULANG TRADISYONAL

May mga naniniwalang kailangan nating manatiling nakaugat sa tradisyong Filipino para hindi matangay ng agos ng rumaragasang kulturang dayuhan. At bahaging-bahagi raw nito ang tula. Dapat tungkol sa pag-ibig at buhay-nayon. Dapat may makabayang tunguhin. Dapat panatilihin ang mga dating anyo ng tula—lalo na ang mga katutubong anyo tulad ng dalit at tanaga, at ang anyong awit na ginamit ni Balagtas at makikita sa mga berso ng balagtasan.

Ang susunod na tula ay isa sa pinakakilalang tulang Filipino. Lalo pa itong sumikat nang awitin ni Freddie Aguilar at gamitin sa mga kilos-protesta. Isa ito sa mga kinanta sa EDSA 1986 at patuloy pa ring bumubuhay sa ating diwang makabayan.

### Gabay sa Pagbabasa:

1. Anong kalagayan ng bansa ang inilalarawan sa tula?
2. Anong larawan ang ginamit upang lalo pang palakasin ang mensahe?
3. Alam mo ba ang kantang ito? Pakinggan at awitin.

### Panitikan

**BAYAN KO**
*Jose Corazon de Jesus*
*1929*

1 Ang bayan kong Pilipinas,
Lupain ng ginto't bulaklák.
Pag-ibig ang sa kaniyang palad
Nag-alay ng ganda't diläg.[14]

2 At sa kaniyang yumi at ganda,
Dayuhan ay nahalina.
Bayan ko, binihag ka,
Nasadlak sa dusa.

3 Ibon mang may layang lumipad,
Kulungin mo at umiiyak!
Bayan pa kayáng sakdál[15] dilág,
Ang 'dì magnasang makaalpás?

---

[14] dilag—gandang may ningning; dikit/rikit

[15] sakdal—napaka, ubod

4 Pilipinas kong minumutya
Pugad ng luhà ko't dalita
Aking adhika:
Makita kang sakdál laya!

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Tukuyin ang tugma at sukat ng tula.
2. Sino ang nagsasalita sa tula at sino-sino ang kausap?
3. Ano ang larawang binubuo sa saknong 3 at 4 ng tula? Anong mga salita ang bumubuo sa larawang ito?
4. Ano ang sinasabi ng talinghagang ito ukol sa kalagayan ng Pilipinas?
5. Totoo pa rin ba ito ukol sa Pilipinas ngayon? Paano o paanong hindi?
6. Ano ang pinakanagustuhan mong salita o linya? Bakit?

**TULANG MODERNISTA**

Ngunit may mga nagreklamo na masyado naman daw ang pagkapit ng ibang makata sa tinatawag nilang "makalumang" gawi at paksa. Dahil daw gustong gawing perpekto ang sukat at tugma, nakalimutan na raw ang diwa. At dahil puro bayan ang iniisip at itinutula, nakalimutan na raw ng makata ang kaniyang sarili.

Ganito ang sinasabi nina Alejandro G. Abadilla (o AGA) at ng kaniyang mga tagasunod. Sila ang maaaring sabihing nagsimula ng Modernong Tula. Mga tula itong madalas ay hindi na nakakulong sa sukat at tugma, at iniisip na ang sarili. Hindi na nakatuon sa ideyal kundi sa totoong karanasan ng nagsusulat.

Ang susunod na tula ay ang tinatawag na manipesto ni Abadilla. Kung magulat ka at maguluhan sa tulang ito, huwag kang mag-alala. Isipin mo na lang ang galit at gulo at paghangang idinulot ng tulang ito noong Panahong Amerikano.

**Gabay sa Pagbabasa:**

1. Ano-ano ang sinasabi ng tula ukol sa tula at sa makata?
2. Ano-ano ang kaibahan ng tulang ito sa mga tradisyunal na tula?

**Panitikan**

**Ako ang Daigdig**
*Alejandro G. Abadilla*
*1940*

i

ako
ang daigdig

ako
ang tula

ako
ang daigdig
ang tula

ako
ang daigdig
ng tula
ang tula
ng daigdig

ako
ang walang maliw na ako
ang walang kamatayang ako
ang tula ng daigdig

ii

ako
ang daigdig ng tula

ako
ang tula ng daigdig
ako
ang malayang ako
matapat sa sarili
sa aking daigdig
ng tula

ako
ang tula
sa daigdig

ako
ang daigdig
ng tula
ako

iii

ako
ang damdaming
malaya

ako
ang larawang
buhay

ako
ang buhay
na walang hanggan

ako
ang damdamin
ang larawan
ang buhay

damdamin
larawan
buhay
tula
ako

iv

ako
ang daigdig
sa tula
ako
ang daigdig
ng tula

ako
ang daigdig

ako
ang tula

daigdig
tula
ako

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Sino ang nagsasalita at sino ang kinakausap sa tula?
2. Ano-ano ang sinasabing relasyon ng tula at makata?
3. Ano-anong tradisyon o batas ang binalewala sa tula?

4. Bakit kaya binalewala ang mga ito?
5. Ngayong wala na ang lahat ng batas at tradisyon, ano na lang ang naiwan sa tula?
6. Basahin ang huling tatlong salita ng tula. Sa ilang paraan mo ito maaaring basahin? Ano ang nagbabago sa kahulugan depende sa pagkakabasa/pagkakadugtong sa mga salita?
7. Ano ang paborito mong bahagi? Bakit?
8. Nakikita mo rin ba ang parehong pagnanais na lumaya sa tradisyon sa iyong komunidad at sa iyong sarili? Paano?

**Paghahambing ng Panitikan**
Ikumpara pa ang dalawang tulang susunod.

**Pag-ibig**
*Teodoro Gener*

1 Umiibig ako, at ang iniibig
ay hindi ang dilag na kaakit-akit
pagkat kung talagang ganda lang ang nais,
hindi ba't nariyan ang nanungong langit?

2 Lumiliyag ako, at ang nililiyag
ay hindi ang yamang pagkarilag-rilag
pagkat kung totoong perlas lang ang hangad...
di ba't masisisid sa pusod ng dagat?

3 Umiibig ako't sumisintang tunay,
di sa ganda't hindi sa ginto at yaman...
Ako'y umiibig, sapagkat may buhay
na di nagtitikim ng kaligayahan...

4 Ang kaligayahan ay wala sa langit
wala rin sa dagat ng hiwa(ga)ng tubig...
ang kaligayaha'y nasa iyong dibdib
na inaawitan ng aking pag-ibig...

**Erotika 4**
*Alejandro G. Abadilla*
*1965*

1 Ang salitang ganda'y di para sa iyo,
Beybi Peys mong iya'y mahahalikan ko.

2 Lagi kang may ngiti: ang ibig ko sana
Kahit sasandali ay maangkin kita.

3 Ngiti sa mata mo ay muslak na ngiti,
Ang musmos mong tawa ay lilindi-lindi.

4 Bakit ka ba ganyan, O, mutyang Musa ko,
Talaga bang ako'y iyong tinutukso?

5 Sa guniguni ko'y kekendeng-kendeng ka,
O, aking Beybi Peys: mahal kaya kita?

6 Manika kang tila ma'ring kalaruin,
Kaya itong puso ay bumabata rin.

7 Kaysarap-sarap mong pagkaing masarap,
Ibig kitang kani'y di kita malasap.

8 Ang salitang ganda'y di para sa iyo,
Beybi Peys mong iya'y mahahalikan ko.

*Talakayan*
1. Alin ang Tradisyonal? Alin ang Modernista?
2. Ano ang pagkakaiba sa pagtrato nila sa parehong paksa?
3. Sino ang nagsasalita at kausap sa bawat tula?
4. Ano ang pagkakaiba sa porma—sukat at tugma? Ano naman ang pagkakapareho?
5. Ano ang pagkakaiba sa mismong sinasabi?
6. Ano naman ang bawal na ginawa/sinabi ng pangalawang tula?
7. Aling tula ang ipagmamalaki mo kung ikaw ang nagsulat? Bakit?

**Gabay sa Pagbabasa:**

1. Pag-ibig na naman ang paksa. Anong klaseng pag-ibig ng tao sa tao ang inilalarawan?

2. Anong klaseng pag-ibig naman ng mamamayan sa kaniyang bansa?

## PAG-IBIG

*Jose Corazon de Jesus*
*1926*

1 Isang aklat na maputi, ang isinulat: Luha!
Kaya wala kang mabasa kahit isa mang talata;
Kinabisa at inisip mulang ating pagkabata;
Tumanda ka't nagkauban, hindi mo pa maunawa.

2 Ang Pag-ibig, isipin mo, pag inisip, nasa-puso!
Pag pinuso, nasa-isip, kaya't hindi mo makuro.
Lapitan mo nang matagal ang pagsuyo'y naglalaho;
Layuan mo at kay-lungkot, nananaghoy ang pagsuyo!

3 Ang Pag-ibig na dakila'y aayaw nang matagalan,
Parang lintik[16] kung gumuhit sa pisngi ng kadiliman.
Ang halik na ubos-tindi, minsan lamang na halikan,
At ang ilog kung bumaha, tandaan mo't minsan lamang.

4 Ang Pag-ibig kapag duwag ay payapa't walang agos,
Walang talon[17], walang baha, walang luha, walang lúnos[18]!
Ang Pag-ibig na matapang ay puso ang inaanod[19],
Pati dangal, yama't dunong nalulunod sa pag-irog!

5 Ang Pag-ibig na buko[20] pa'y nakikinig pa sa aral,
Tandang di pa umiibig, nakikita pa ang ilaw,
Ngunit kapag nag-alab na pati mundo'y nalimutan ---
Iyan, ganyan ang Pag-ibig, damdamin mo't puso lamang!

6 Kapag ikaw'y umuurong sa sakuna't sa panganib
Ay talagang maliwanag at buo ang iyong isip:
Takot pa ang pag-ibig mo, hindi ka pa umiibig:
Pag umibig, pati hukay aariin mong langit!

7 Ang Pag-ibig ay may mata, ang Pag-ibig ay di bulag;
Ang marunong umibig, bawat sugat ay bulaklak:
Ang pag-ibig ay masakim at aayaw ng kabiyak;
O wala na kahit ano, o ibigay mo ang lahat!

---

[16] lintik—kidlat

[17] talon—paglundag; agos ng tubig buhat sa itaas

[18] lunos—pagkabagabag ng damdamin dahil sa lungkot o panghihinayang

[19] anod—pagsama sa agos ng tubig

[20] buko—bulaklak na hindi pa bumubuka; bunga ng niyog na hindi pa matigas ang laman

8 "Ako'y hindi makasulat at ang Nanay ay nakabantay!"
Asahan mo, katoto[21] ko, hindi ka pa minamahal!
Ngunit kapag sumulat na sa ibabaw man ng hukay,
Minamahal ka na niya nang higit sa kanyang buhay!

9 Kayong mga kabataang pag-ibig ang ninanais,
Kayong mga paruparong sa ilawan lumiligid,
Kapag kayo'y umiibig na, hahanapin ang panganib,
At pakpak ninyo'y masusunog sa pag-ibig!

**Pagpapayaman**

*Talakayan*

1. Tukuyin ang sukat at tugma ng tula.
2. Ano ang larawan at mensahe ng bawat saknong?
3. Anong klaseng pag-ibig ng tao sa tao ang inilalarawan sa tula?
4. Ganito ba ang tunay na pag-ibig? Bakit o bakit hindi? Gamitin ang teksto bilang patunay.
5. Dinig na dinig sa tula ang mensaheng makabayan. Ano-anong salita o larawan ang bumuo nito?
6. Sa isang pangungusap, ano ang mensahe ng tula sa mga Filipino tungkol sa pag-ibig nila sa bayan?
7. Mahalaga pa ba ang mensaheng ito sa kasalukuyan? Bakit o bakit hindi?
8. Ano ang paborito mong salita/linya/larawan/bahagi? Bakit?

[21] katoto—kaibigan